

July 3, 2020

KAGALANG GALANG NA MAYOR AT CITY COUNCIL
City of Long Beach
California

SUBJECT: Proposed Fiscal Year 2021 Budget

Ikinararangal ko ipresenta sa inyo ang aking unang panukalang budget bilang City Manager. Ang Panukalang Budget na \$2.6 bilyong para Piskal na Taon 2021 (FY 21) ay nagpapatuloy sa tradisyon ng pagbigay ng sari saring mga serbisyo at ang pagtugon ng mga priyoridad ng City Council habang binibigyang diin ang mabuting pangagasiwang pinansyal at mga patakaran na magpapahintulot sa atin na maging matagumpay bilang isang City/Lungsod. Sa katotohanan, simula pa ng Great Recession, ang City ay na nakapag-tuon sa pag-unlad, nakapag-paunlad ng mga inobasyon para sa ating mga residente sa ilalim ng pamumuno ng Mayor, City Council at sa ating mga masipag na City staff.

Sa loob lamang ng ilang taon, napakarami ng mga di-kapanipaniwalang mga nagawa na maaari nating ipag-malaki. Natulungan natin na makapagdala ng mga negosyo sa City at ating sinoportahan ang mga maliliit na mga negosyo, nagkaroon tayo ng mga 20,000 online session sa BizPort para tulungan ang mga negosyante sa mga pangunahing hakbang para simulant, sa pangangasiwa at sa pagpapalaki ng negosyo. Karagdagan pa dito, ang City ay naglunsad ng 12,675 building permits na may total na halaga na \$656 milyon noong 2019. Ang City ay nagpasatupad ng mga patakaran hinggil sa inclusionary housing at mga tenant assistance, at may pinaplanong 650 na mga bagong affordable housing units para sa mga extremely low hanggang low-income households. Sa mga darating na buwan, bubuksan din ng City ang Atlantic Farms Bridge Housing Community, isang pasilidad na bukas buong taon na nagibigay ng shelter at mga serbisyo sa mga taong dumaranas ng homelessness. Mayroon tayong patuloy na implementasyon ng pinakamalaking investment sa infrastructure sa loob ng isang henerasyon, at, noong 2019, ating binuksan ang world-class na 93,000-square-foot Billie Jean King Main Library, pati na rin ang LEED-Certified City Hall at Civic Center Plaza. Patuloy ang Long Beach sa pangunguna sa mga liveability issues; mahigit sa 70 porshento ng mga residente ang nagbigay ng mga markang “excellent” o “good” bilang lugar na titirahan, at ang Heal the Bay ay binigyan ng markang A o B ang mga beaches ng City sa kanilang taunang Beach Report Card. Ang Animal Care Services ay nagtaguyod ng kanilang Compassion Saves na pamamaraan, na nagresulta sa mas maraming pang mga hayop na pansamantalang aalagaan o ampunin kaysa sa dati. Pinagpapatuloy natin ang ating mga world class na mga park at mga magandang diverse neighborhoods na ating maipagmamalaki na kasali tayo sa pag-unlad ng Long Beach.

Itong taon na ito ating hinarap ang di-inaasahang serye ng mga isyu – ang pandaigdig na pandemiko, ang pagkawala ng hustisya dahil sa systemic racism, ang paghina at ang

walang katiyakan na ekonomiya, at ang inaasahang pinakamalaking pagkukulang sa budget sa loob ng bagong kasaysayan.

Ang krisis ng COVID-19 ay mabilis naging pandaigdig na pandemiko na matinding nakaapekto sa mga plano, priyoridad at pokus ng city ng FY20. Ang City staff ay humarap sa hamon ng okasyon, in-activate ang mga emergency response teams at ginawa ang anumang kinakailangan para maprotektahan at mabawasan ang impact sa ekonomiya ng mga negosyo. Aking maipagmamalaki na naging mabilis ang aksyon ng City para matugunan ang krisis na ito, at patuloy natin ilagay sa mataas na priyoridad ang kalusugan at kaligtasan. Sa simula ng FY20, ang city ay magbibigay ng mahalagang suportang pinansyal at suporta sa public health sa komunidad kasama na rin ang pagsuporta sa pagpapatibay ng mga negosyo sa pamamagitan ng paglaan ng \$40.3 milyon sa Corona Aid, Relief and Economic Security Act (CARES) na pondo na natanggap ng City.

Sa pagbuno ng bagong katotohanan ng pandaigdig na pandemiko, ang bansa ay nagulat sa pagkakasaksi sa kamatayan ni George Floyd sa mga kamay ng apat na Minneapolis police officers. Ito ay isang aktong walang katurunan at kalungkot-lungkot na sumilab sa buong mundo, sa buong nasyon at ang Long Beach ay nagprotesta at naghayag na hinaing na itigil na ang systemic racism. Bagamat ang karumaldumal na aktong ito ay nagsindi sa pambansang aksyon, alam natin na ito ay hindi isang natatanging insidente – ang kirot ng komunidad ay totoo at batay sa mga kinagisnang mga pamamaraan at kasaysayan ng racial injustice. Hinamon ng komunidad ang City na kilalanin ang pambansang kasaysayan ng racial disparities (di-patay pantay) at gumawa ng aksyon.

Sa kabila ng lahat, ang City ay umaksyon at pinakinggan ang ideya ng komunidad at suriin ang estruktura ng sistema sa loob ng City at ng ating komunidad na nagbibigay daan sa patuloy racial inequity at injustice. Itong budget ay naglalagay ng estruktura at sinusuri at tinutugunan itong mga hamong sistemiko at nagseseguro na ang Long Beach ay nakapagbibigay mga pantay pantay na oportunidad at kalalabasan sa lahat ng mga residente. Marahil ang pinaka natatangi ang ang pansimulang investment na \$3.2 milyon na estruktural at pang-isang beses na pondo para ma-implementa ang mga rekomendasyon sa loob ng Racial Equity at Reconciliation Initiative Plan, na gawa ng City Council para sa Framework for Reconciliation. Pinag-aaralan din ng Police Department ang mabisang public safety sa Long Beach. Kasama sa budget na ito ang mga pagbabago tulad ng mga paglipat ng mga katungkulan mula sa mga may posisyong sinumpaan at ibigay sa mga posisyong sibilyan, mga inisyatibo na magresulta sa pagbawas sa mga posisyong kailangan sumumpa, at ang pagtaguyod ng Office of Constitutional Policing na magbibigay katiyakan sa pagbigay ng public safety sa paraang pantay pantay, at makatarungan. Alam natin na itong mga hakbang na ito ay di sapat para masugp ang rasimo sa Long Beach ngunit ito ay nagrerepresenta ng mga kritikal na hakbang at ang ating panata sa isang konkreto at may nilalaman na aksyon. Dahil sa importantsya at sa katangiang kritikal, itong pang-lungsod na gawain sa lahat ng mga departamento ay pamamahalaanan sa pinakamataas na antas ng bagong itinaguyod na posisyon ng Deputy Manager.

Ang emergency response sa pandemiko ng COVID-19 at ang kaguluhang sibil ay mga pandaigdig na kaganapan na di inaasahan na lalong naging pabigat sa situwasyong pinansyal ng City, sa parehong FY20 (kasalukuyang taon) at sa FY21. Para matugunan ang maraming mga pangangailangan at nang mapag-aralan ang mga inaasahang hamon, ang panukalang budget para sa FY21 ay isang balanseng budget na umaasa sa mga pang-isahan at estruktural na solusyon para ma-sugpo ang proyeksyon na pagkukulang na \$30 milyon. Ang decision na gumamit ng pan-isahang beses na solusyon sa budget na ito ay batay sa pag-timbang ng mga layunin at mga pangangailangan ng City; at maikling panahon na ginamit ng makagawa ng mahalagang pagpipilian na nakaka-apekto sa komunidad; at ang mga di inaasahang konsiderasyong piskal na kaugnay ng pandemiko, kasama na ang posibleng tulong na pederal at ekonomiya. Ang pag-gamit ng mga solusyong pang-isang beses lamang sa panahong ito ay makapagbibigay sa City ng panahon para ma-suri ang pang matagalang mga magiging gawain para ma balanse ang estruktura ng budget sa sususnod na taong FY22.

Bahagi ng pang-isang beses na solusyon na isinali sa budget ay \$11 milyon sa General Fund savings mula sa mga furloughs ng mga empleyado o iba pang solusyon mula sa mga employee labor groups. Ito ay kasalukuyang pinagkakasunduan at hindi pa tapos. Para mabuo ang pagtitipid na ito, 26 na araw ng furlough ang kakailanganin sa buong taon, na naghahalaga sa 10 porsiyento ng sahod para karamihan ng mga empleyadong ang posision ay hindi sinumpaan sa buong organisasyon. Ang ganito kabigat na sakripisyo ng ating mga empleyado ay mangangailangan na isara ang mga serbisyo ng City ng isang araw sa bawat dalawang lingo at ito'y magreresulta sa pag-kawala ng mga serbisyo at sa sampung porsiyento ng kapasidad na pang organisasyon. Gayunpaman, ang ayuda na ito mula sa ating mga grupo ng mga empleyado ay isang malaking tulong sa pagbigay ng madaliang lunas na kinakailangan para maka-iwas pa sa mga mas malalang pagtitipid at mga malubhang epekto sa mga serbisyo at mga empleyado, kasama ang pag-layoff sa mga ranggong sibilyan na kinakailangan para ma-balanse ang budget (maaaring umabot sa 106 na posisyon ang mabawas). Habang patuloy ang negosasyon, malaki ang paniniwala ko at nagpapasalamat sa ating mga organisasyon ng mga empleyado gawa ng pag kilala sa kalubhaan ng hamon at tutulong ako sa City management para makatugon ng mga solusyon sa mesa ng negosasyon para matugunan ang pang-matagalang kompensasyon at mga pagtitipid na kinakailangan sa FY 21.

Ang pagtugon sa inaasahang malaking pagkukulang sa budget ay nangangailangan ng bagong pamamaraan, ang mga panukalang pagbawas ng mga serbisyo ay masusing sinuri sa ilalim ng Balanced Outcomes-Based Approach. Gumamit ng ibat-ibang paraan ang estratehiyang ito na nag-pokus sa pagbigay ng priyoridad at protektahan ang mga pangunahing serbisyo habang isinasaayos ang iba para sa katanggap-tanggap na antas; sinesegurado ang sapat na suporta ng staff para makamit ang mga legal na mandato; at pinangangalagaan ang mabisang kapasidad sa pag-organisa. Ang Long Beach ay isang full-service na City at pinagmamalaki nito ang pagbigay ng malawak mga uri ng mga rekurso at serbisyo sa komunidad. Pinangangalagaan at pinoprotektahan ng budget na ito ang mga kritikal na serbisyo kasama na ang pagbigay at pagppapahusay ng affordable housing; suporta para sa pagpapaunlad pang-ekonomiko at ayuda sa mga negosyo; ang

pangkalahatang pagpapatuloy ng kaligtasan ng publiko at mga emergency medical response; mga iba't ibang paraan ng pagtugon sa homelessness; pagpapantili ng ligtas, malinis at access sa mga parks at mga pasilidad; at suporta para sa infrastructure ang mga pagpapahusay ng mga pamamaraan ng mga pamumuhay. Binigyan nito ng priyoridad at pinangalagaan ang mga emergency response kamasa na ang Priority 1 at 2 na mga tawag sa Police para sa mga serbisyo at mga medical emergency at serbisyo para sa sunog; nagpanatili ng budget ng infrastructure at nakaiwas sa mga pagtitipid sa mga sidewalk, pag-asikaso sa mga pothole at mga maintenance ng mga importanteng pasilidad; pinangalagaan ang mga pagpondo para sa pagpanatili ng mga lugar pampubliko at mga assets tulad ng mga paglandscape ng mga median, pagbawas ng graffiti at ang mga serbisyo sa pagtabas ng mga puno; at pinangalagaan ang mga pangunahing programa para sa mga bata at mga senior.

Habang inaasam ng budget na magpanatili at bigyan ng priyoridad ang mga iba't ibang serbisyo, ang laki ng kakulangan ay mangangailangan pa rin ng mga matinding mga bagbawas sa budget. Itong mga pagbawas na ito ay sadyang nakakaapekto sa kakayahang umangkop at abilidad na tumugon at mag-hatid ng serbisyo, pero ang City ay magpapatuloy na pagsikapan ang mga kakayahan at inobasyon na makakapagpigil sa mga pagbabawas na ito. Dahil na rin sa pandemiko, malaking parte ng mga rekurso ay nailipat para makatulong sa mga pagtugon at pagbabawi. Nag-resulta ito sa mga pansamantalang suspensyon ng pagbuo ng panukalang budget at kinailangan na gumawa ng na-amyenda na proseso at document ng budget.

Sa kabila ng mga hamong pinansyal, ma-isasapatupad ang mgaraming mga layunin at mga resulta nang ipinanukalang FY 21 Budget. Inuna nito ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga residente sa ating pagtugon sa pandemiko; ipinatupad din nito ang mga agresibong aksyon at mga investments para sa mga pagpapatupad ng racial equity at rekonsilyasyon; pinanatili din nito ang mga pangunahing mga serbisyo sa isang paraang balanse; at isinagawa ang mga pagbabawas na mahirap gawin para matugunan ang matinding pagkukulang ng budget sa iba't ibang panahon ng taon.

Ang ipinanukalang FY 21 budget ay isa lamang unang hakbang at marami pang kailangan gawin. Ang kahalagahan ng mga isyu na ating hinaharap ay di maaaring maayos sa loob ng isang taon at sa nag-iisang budget. Hindi narerepresenta ang budget na ito ng pagkompleto ng mga importanteng layunin, subalit ito ay simula lamang ng isang mahirap ngunit isang landas na may pag-asa sa hinaharap. Ating nakikita ang katatagan ng ating City, lakas at matinding determinasyon ng mga pinuno ng ating City at staff para makapaghandong ng pinakamahusay na serbisyo sa gitna ng mga matinding mga pagsubok. Malakas ang aking paniniwala sa ating panata na magagakasama tayo sa pagtrabaho kasama ang mga residente, mga negosyo, mga organisasyon ng komunidad, kapaligiran, at ang ating Mayor at City Council ay pananatiliin ang Long Beach na isang lugar na mabuting para sa tirahan, trabahuhan at libangan.

Sa ibaba ang buod ng mga kalakip na agad kasunod nitong transmittal memo, kasama ang Attachment A na nagbibigay ng mga detalyadong impormasyon sa budget. Ang "Executive Summary" Chapter at ang mga kalakip nito nagbibigay ng mga detalye sa mga

pinansyal na buod ng budget, pati na rin ang mga kalakaran ng mga gastusin at impormasyon sa iba pang mga pondo.

- Attachment A: Detalyadong Buod ng Budget
- Attachment B: Pagtugon sa Pandemiko at Programa ng Recovery (CARES)
- Attachment C: Buod ng Racial Equity at Reconciliation Investments
- Attachment D: General Fund Strategic One-time Investments
- Attachment E: Buod ng mga Panukalang Pagbabago– General Fund
- Attachment F: Buod ng mga Panukalang Pagbabago – Other Funds
- Attachment G: Measure A FY 21 Mga Batayan at Pag-gamit
- Attachment H: Measure A Listahan ng mga Proyekto ng Infrastructure
- Attachment I: Measure A 5-year Mga Bagong Infrastructure
- Attachment J: Measure A Plano ng Alokasyon para sa Buong Taon
- Attachment K: Measure MA Buod ng mga Pag-gamit.

Nais kong ipaabot ang pasasalamat sa Mayor at City Council dahil sa inyong pamumumunong piskal. Habangbuhay din akong may utang na loob sa Budget staff sa Financial Management at sa lahat ng City Manager Departments para sa nakapakahirap na trabaho na kailangang para makabuo at magsumite ng ipinanukalang budget sa ilalim ng mga pagsubok ng ating kalagayang na atin pang haharapin. Salamat din sa City Attorney, City Prosecutor, City Auditor, City Clerk, Civil Service Executive Director, Harbor Department Executive Director, at Water Department General Manager sa kanilang patuloy na kolaborasyon at suporta.

Aming inaasahan ang pakikipag-trabaho sa inyo habang inyong pinag-aaralan itong ipinanukalang budget, na maraming matutupad na mga bagay, at habang tayo ay sumusulong sa pagtugon sa mga hinarapan nating pagsubok.

Magalang na sinosumita sa inyo,



Thomas B. Modica
City Manager

Detalyadong Buod ng Budget

PAGTUGON AT RECOVERY NG CITY SA PANDEMIKO NG COVID-19

Noong Marso 4, 2020 dineklara ng City ang mga emerhensiya ng lokal na kalusugan at mga emerghensiya ng lungsod para patatagin ang pagka-handa at abilidad ng City tugon sa Pandemiko ng Covid-19. Ang pandemiko ay naging pang-daigdig na krisis at ito ay na sa mataas na priyoridad ng City para sa taong 2020. Ang emerhensiyang pagtugon ng City ay sa na sa pamamahala kasama ng Health and Human Services Department (Health Department) bilang punong angensya at ng Fire and Police Departments bilang panghunahing agensiyang sumusuporta, bagamat karamihan ng mga departamento ng city ay kasali sa pagtugon sa anumang kakayahan. Mahigit sa 100 tauhan ay dedikado sa City's Operations Center (EOC) simula pa noong Marso, na ay daan-daang mga empleyado sa loob ng organisasyon na umaasikaso sa pagtugon sa pandemiko. Gayunpaman, hindi tulad ng dating mga pagsagawa ng mga emerhensiya, ang pandemiko ay kakaiba dahil ito ay mas matagal, na kinakailangan na magkaroon ng mga matatatag na estruktura ng suporta sa lahat ng mga City departments sa buong panahon. Itoy ay nag-resulta ng malaking dibersyon mula sa ibang mga priyoridad mula sa staff, pati na rin ang kapasidad ng staff ay naging sukduluan sa limitasyon para makatanggap ng mga bagong gawain o kumompleto ng mga dating gawain sa naunang timeline.

Ang pinaka-mahalagang priyoridad ng City ay panatiliing malusog at ligtas ang lahat ng residente. Ang kinalabasan nito ay ang pagtaguyod ng mga medical assessment, testing at mga imbestigasyon, medical sheltering, at mga shelters para sa humigit kumulang na 300 katao na nakararanas ng pagka-homeless (PEH—People Experiencing Homelessness) o nangangailangan mag-isolate o mag-quarantine; ang imbestigasyon ng mahigit sa 8,000 na positibong kaso ng COVID; ang pamamahala ng mga pagkalat sa iba't ibang pasilidad; ang koordinasyon ng mga medical groups; at ang paglunsand ng mga 50 press conference kaugnay sa pandemiko at pati na rin ang mga livestreams at mga telephone townhalls. Mayroon pang mahigit sa 123,000 katao ang na-test sa ating mga drive-thrus at mga pribadong medical providers sa ating City. Ang mga drive-thrus na gawa ng City ay patuloy ang kakayahan na mag-test hanggang 1,400 katao bawat araw.

Para makaluwag sa mga gastusin na kaugnay sa pagtugon na ito, bumuo ng isang pangkat para masabaybayan at masuri ang mga opsyon ng pagpondo, magsagawa ng proseso para lubos na maggamit ng City ang pondo galing sa labas, at makamit ang maraming dokumentasyon at pag-uulat na kinakailangan para sa pagbawi ng mga gastusin. Masugid din itinata-taguyod ng City ang pag-laon ng pondo CARES Act mula sa State at County. Noong Hunyo 30, 2020, inaprubahan ng State Legislature ang State Budget at naglaan ng humigit-kumulang na \$40.3 milyon para sa CARES Act (State Cares Act) na pondo para sa City. Natukoy ng Staff at isasagawa ng City Council ang listahan ng mga aktibidad at mga tungkulin na maaaring makakuha ng ponding ito at magbibigay daan sa City na sakupin ang mga gastusin kaugnay sa pagtugon sa pandemiko, magbigay nga suportang pinansyal at suportang pampublikong kalusugan sa komunidad at bigyan ng suporta ang mga negosyo para sa matatag na ekonomiya.

Bilang hiling ng City, may sinaling Equity Toolkit ang staff para ipa-alam ang Health Equity Impact Analysis para mabigyan ng patnubay ang komunidad at mga programa ng suportang pang-ekonomiko na hatid ng CARES Act. Ang pondo ay inilaan noong FY 21 at ang pag-pondo ay aabot hanggang sa FY 21.

Naipagmamalaki ng City na ipatupad ang mga programang ito para matulungan ang komunidad at ang mga negosyo kamasa ang mga sumusunod.

- **Programang mga Suporta Sa Komunidad** – Shelter para sa mga Homeless, Kakulangan ng pagkain at pagkain para sa mga At-Risk at mga Seniors, Black Health Education Programs, Suporta sa mga Bata, Non-Profit Relief Program, Youth Leadership & Ambassador Programs, Digital Inclusion Program para sa mga Residente at sa mga Nakatatandang mga Adulto at Suporta ng mga Pangangailangang Basiko, ito ay ilan lamang
- **Programang mga Suporta para sa mga Negosyo** – Maliit na na Negosyo at Programang Distribusyon ng PPE, COVID-19 Grants para sa mga Transisyon at Recovery ng mga Maliliit na negosyo, Grants para sa mga Sistema ng Queuing at mga Sistema ng Bayaran na walang Kontak at mga Pagpapahusay ng mga Distrito ng Negosyo (BID – Business Improvement District) programang Loan at Grant, ito ay ilan lamang.

Tignan ang Attachment B “Pandemiko Response and Recovery Programs” para sa kompletong listahan at mga karagadagang detalye sa mga programang ipinapatupad ng CARES Act Allocation ng Estado.

Sinasalik din at nag-aapply para, at sinusubaybayan ang lahat ng mga COVID-19 na mga grant para malubos ang pag-access sa mga pondo para sa emerhensiya at mga aktibidad ng recovery. Nitong mga nakaraan lingo, napag-alaman ng City na ang Long Beach ay makakatanggap ng ilang malalaking mga grant para masuportahan ang mga patuloy na programa para matugunan ang mabawasan ang mga epekto ng COVID-19. Kasama sa mga programang ito ay:

- Apat na proyekto ng pagtugon sa COVID-19 para sa FEMA Public Assistance para sa pinag-samang operasyon ng EOC/IMT; Non-Congregate Sheltering (ito alam din sa tawang na Project Roomkey at Isolation at Quarantine Sites); Pagdeliver ng Great Plates Programang Pagkain para sa mga Senior; COVID-19 Community Based Testing. Ang unang tantyang gastos sa apat na proyektong ito ay \$16.1 milyon. 75 porsiyento ng bahaging pederal na tinantya na sasakupin ng FEMA ay \$12.1 milyon at ang gastusing lokal ay \$4.0 milyon.
- May nilaan na \$13 milyon mula sa Los Angeles County, Centers for Disease Control and Prevention (CDC) Epidemiology and Laboratory Capacity for Prevention and Control of Emerging Infectious Diseases (ELC). Ang ELC ay

mabibigay ng suporta para sa malawak na saklaw ng testing at mga kaugnay na mga aktibidad sa epidemiological surveillance sa loob nga 2.5 na taon.

- \$13 milyon mula sa Emergency Solutions Grants (ESG) mula sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) at \$1.8 milyon sa ESG-CV, para sa total na \$14.8 milyon na mga ESG grants. Itong pondo ng ESG ay magbibigay suporta sa emergency shelter, prebensyon ng homeless, tulong sa renta, street outreach, at mga aktibidad pang-administratibo.
- Mayroon \$3.6 milyong pasimulang Community Development Block Grant – CARES (CDBG-CV) mga pondo ng grants para sa ayuda sa mga umuupa. Karagdagang CDBG-CV pondo para sa grants ay inaasahan sa hinaharap para pang ayuda sa mga nangunhugapahan.
- \$6.9 milyon mula sa The Homeless Housing, Assistance and Prevention Program (HHAP) para masuportahan ang koordinayon ng mga rehiyon at ng mapalawak o mapaunlad ang kakayahan para matugunan ang mga pagsubok ng homelessness. Kasama dito ang mga hakbang para madala ang mga homeless sa loob, mapanatili ang kalusugan at kalinisan, makapagsagawa ng mga medical interventions at madagdagan ang kapasidad ng isolation at quarantine na mga lugar nang mapabagal ang paglala ng pandemiko.
- \$657,554 mula sa Department of Justice (DOJ) para sa Police Department nang madagagan ang pag-gamit ng teknolohiya para masagawa ang social distancing at mabawasan ang pagtipontipon ng mga tauhan at publiko sa mga masikip na lugar; dagdagan ang serbisyo ng pagsalin ng wika para sa komunikasyon ng mga autos at mga document ng mga pagpapatupad; training para sa pamumuno pag may krisis para sa command staff ng Police Department; ang pag-disinfect at paglinis mga pasilidad ng pulis at mga sasakyan; pag-bili ng mga uniporme na pwedeng labhan para mapalitan ang kasalukuyang mga uniporme.

Mayroong mga iba't ibang pondo na magbibigay panhintulot sa City na makapagbigay ng serbisyo ng mga pagsuporta sa malawak na mga kategoriya ng mga pangangailangan sa loob ng komunidad. Kahit na maraming mga pondo, gayunpaman, dahil sa mga pangangailangan para sa mga serbisyo na nailikha gawa ng pandemiko at ang malaking kabawasan sa kinikita ng City, inaasahan na may mga gastusin na walang pondo para sa FY 20 at sa mga susunod pang mga taon na kailangan masusing ma-monitor at matugunan.

RACIAL EQUITY AT REKONSILYASYON

Malinaw na malinaw na pinakita ng pandemiko ang racial disparities (pagkakaiba ayon sa lahi) sa kalusugan, sahod, at buhay publiko at pribado. Ang racial disparity sa tao na malamang hindi ligtas na manatili sa bahay para mabawasan ang kanilang panganib, ay

malamang makuha ang sakit, at madaling lapitan ng virus ay nagpapatunay sa disparities sa kalusugan at ekonomiko sa mga komunidad, kasama ang Long Beach.

Ang pandemiko at ang mga protesta at mga kaguluhang sibil kasunod ng pagkapatay kay George Floyd ay naghatid sa mga lungsod at residente sa buong nasyon sa isang pibotal na sandali sa ating panahon. Mga kaganapan ng mga malalang racial injustice (kawalan ng katarungan dahil sa lahi) ay nag-sanhi sa mga lungsod sa buong mundo, kasama na ang Long Beach, na huminto muna at gunitain ang mga estrukturang sistemiko na nagdudulot ng mga racial inequity (hindi pantay pantay dahil sa lahi) at injustice.

Sa pagtugon sa alalahanin na ito, noong Hunyo 23, 2020, sama samang nagsagawa ng Resolusyon ang City Council na kilalanin na ang Rasismo ay isang Krisis ng Kalusugang Pampubliko at nagtaguyod ng isang Balangkas ng Rekonsilyasyon. Ang balangkas na ito ay mag-aasam na makapagpatibay ng kompyansa at makabuo ng aksyon at kasama ang mga: (1) pagkilala ng pagkakaroon at pangmatagalang epekto ng rasismong sistemiko sa Long Beach at sa bansa; (2) pakikinig sa mga salaysay at mga karanasan ng racial injustice, inequity o danyos sa mga miyembro ng komunidad, habang kinokolekta ang mga datos sa racial disparities ng komunidad. (3) pagtitipon ng mga stakeholders para masuri ang mga reaksiyon mula sa sesyong ng pakikinig at mga datos ng racial disparity para makapag rekomenda ng mga inisyatibo na naghuhulma ng patakaran, pang budget, charter at mga pagbabagong ng mga programa; at pagsulong ng aksyon kasama ang agad-agad, pang-maikli, pang-katamatamang, at pang-matagalang mga rekomendasyon para sa kosiderasyon ng City Council sa Racial Reconciliation Report.

Simula pa noong Hunyo 22, 2020, apat na townhall meeting at 13 listening sessions ang nakompleto kasama ang komunidad at ilan pang mga listening sessions kasama ang mga empleyado ng City. Iba't iba ang paksa at mga tema na nailabas ng mga sumali pero pumapaligid ito sa pagitan ng rasismo at kalusugan ng komunidad, housing at homelessness, at pag-police at kaligtasan ng publiko, pati na rin ang mga economic inclusion at mga reporma ng budget. Narinig natin mula sa mge empleyado ang pangangailangan sa pagtugon nga mga gawain sa loob ng City hinggil sa pagkapatay pantay sa pag-empleyo, promosyon at training.

Ang pagtugon sa hindi pagkapatay-pantay ay hindi mawawala ng kusa kung hindi pag-iisipang mabuti at kung walang planong aksyon ng gobyernong lokal. Dahil sa krisis pinansyal na gawa ng pandemiko, may mga matinding mga hamon at limitasyon para ito ay maasikaso ng city, kasama na ang pag-sugpo ng pagkukulang sa budget na \$30 milyon para sa FY 21. Habang naglalayag sa mga pinansyal na hadlang, ang budget na ito ay nagsasalamin ng panata na matugon ang mga racial inequities at makalikha ng mas makatarungang komunidad kung saan ang lahi (race) ay hindi makakahusga kung gaano ang isang tao umuunlad sa buhay. Ang Racial Equity at Inisyatibo ng Rekonsilyasyon ay sinimulan bilang bahagi nitong budget na nagsasaklaw ng \$3.3 milyon sa pondo para mag-invest sa gawain na ito, \$2.5 milyon sa pondo pang estruktura at humigit kumulang \$782,000 na pondo na pang-isang beses, na maglalagay sa atin sa

tamang landas na nagpapatunay na habang tayo ay pasulong, mas maraming kakailanganin sa mga darating pang mga taon.

Ang seksyon na ito ay nagpopokus sa mga pagpapahusay na isinasagawa sa budget para ma-suportahan ang Racial Equity and Reconciliation. Ang iba pang seksyon ng mensaheng ito ay tatalakayin din ang makabagong pananaw sa serbisyo ng kaligtasang publiko, sibilyanisasyon, pangangasiwa at oversight, at iba pang mga pagbabago sa kung paano naihahatid ang mga serbisyo.

Isang mataas na antas na buod ng mga pagpapahusay na ito ay nasa **Attachment C:** “Summary of Racial Equity and Reconciliation Investments.”

Opisina ng City Manager

- Pahusayin ang Office of Equity at ilipat ito mula sa Health Department sa Opisina ng City Manager, para masalamin ang malawakang pangako na maitaas at maisama ang mga prinsipyo at layunin sa buong organisasyon. Ang mga sumusunod na pang-isahang beses na pondo ay ilalaan para masuportahan ang mga layunin Office of Equity; \$63,000 para masuportahan ang mga pansamantalang mga tauhan na hindi kaya ng mga grants; \$100,000 para sa training at edukasyon sa equity sa buong organisasyon; at \$160,000 para masuportahan ang pagsalin at pag-interpret ng Language Access Program.
- Karagdagang Deputy City Manager na posisyon para makagbigay ng sentralisadong ugnayan para sa mga gawain na may kinalaman sa mg isyu ng homelessness, pag-oversight ng Office of Equity habang ito ay inililipat galing sa Health Department, at ang pamamahala ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga pagsisikap ng City kaugnay sa Racial Equity at Inisyatibo ng Rekonsilyasyon – sinasalamin ang pangako sa mga layunin na ito mula sa kataastaasan ng organisasyon.
- Pagdagdag ng posisyon ng Community Program Specialist para sa karagdagang suporta para sa Office of Equity at ang pagdagdag ng kapasidad ng Opisina para makamit ang mga layunin.
- \$150,000 para sa pagpapahusay sa City Manager’s Office para ma-suportahan ang mga reporma at mga inobasyon ng Citizes Police Complaints Commission (CPCC). Noong FY 21, itong mga ponding ito ay gagamitin para makagawa ng isang masusing pag-aaral sa pinakamagaling na pamamaraan para sa operasyon ng CPCC at ang potensyal para sa isang hakbang sa balota para maipatupad ang pagbabago sa kanilang mga katungkulan at awtoridad habang ito ay inalam sap ag-aaral. Sa mga darating na araw, itong mga pondong ito ay makaktulong sa pagapatupad ng mga nirekomendang mga pagbago.

Health at Fire Departments

- Karagadagang \$1.5 milyon para sa Health Department para sa pagpapatupad ng Racial Equity at Reconciliation Initiative, na may mga partikolar na rekomendasyon na binalanangkas sa Racial Equity and Reconciliation Initiative: Initial Report
- Baguhin at ayusin ang modelo ng HEART team na may masa malaking pokus sa kalusugang pampubliko at gamiting ang mga posisyon ng NURSE sa Health Department sa halip ng mga bombero ng Fire Department.
- Pondo na pang isahang-beses sa halagang \$187,500 para suportahan ang Fire Diversity Recruitment Program para maisapatupad ang isang malawak na pag-recruit ng mga magagaling na kandidato na nag-rerepresenta ng diverse population ng City.

Library Services Department

- Tatlong Public Health Professional II na posisyon sa Library Department para makapagbigay ng serbisyo ng social work sa loob ng library para sa mga patron na nangangailangan nag outreach at ng propesyonal na tulong, na sasakupin ng pondo ng grants.
- Ayusin ang mga serbisyo ng library para makatulong sa pagtugon ng mga pagkukulang ng City at para na rin mapahusay ang mga lugar na hindi masyadong napagsisilbihan.
- Ang mga Aklatan ng Billie Jean King, Michelle Obama, at Mark Twain ay bukas na ngayon ng 5 araw hanggang 7 araw na may mga napahusay na serbisyon bilang mga pangunahing aklatang ng City. Ang 9 na branch ay magpapanatili ng mga serbisyo pero ginawang 3 araw sa isang lingo (Martes-Huebes). Ito ay sa inaasahang pagtitipid ng \$247,000 at para iwasan ang pagtanggap ng kahit isang branch sa City, habang nagbibigay ng rehiyonal at lokal na model ng library access.

Parks, Recreation, at Marine Department

- Pagpondo ng estruktura ng Senior Programming sa Expo Center na may pagpapahusay na \$40,000 na sinoportahan ng nitong mga nakaraang taon. Itong programang ito ay mas mapapahusay pa ang kalidad ng buhay ng mga komunidad ng mga seniors ng City dahil mapa-pagpatuloy ang pagbigay ng mga pangunahing serbisyo nga kalusugan at enrichment. Ang Expo Center ay nasa hilagang parte ng City, na may pinakamaraming Senior sa loob ng ating City na walang takdang programa para sa mga senior.

- Isang-beses na pondo na \$272,000 para sa Be Safe program at 11 mga sityo para mabawasan ang krimen sa mga kapaligiran sa pamamagitan ng pagdagdag ng oras sa mga takdang mga park sa gabi habang summer, pag-empleyo ng kabataan, at pagbigay ng positibo at ligtas na mga aktibidad na kanilang sama-samang ma-enjoy.

Police Department

- Lumikha ng Opisina ng Constitutional Policing sa Police Department na mag-aalay sa mga pagsusuri ng mga panibagong paraan ng pag-police sa isang paraan na pasulong, pagbuo ng mas malaking pagtitwala sa pamamagitan ng mas mabilis na pagtugon, transparency, at pag-ako ng responsibilidad.

KITA SA CANNABIS PARA SA RACIAL EQUITY/RECONCILIATION AT KALUSUGANG PAMPUBLIKO AT KALIGTASAN

Ang Panukalang FY 21 Budget ay na nagrerekomenda na aprobahan ng City ang pagpapatupad ng mas mataas na buwis para sa lisensya ng negosyo ng mga negosyo ng cannabis bilang bahagi ng isang estratehikong pamamaraan na nagpapahintulot sa City na mag-invest sa mga kritikal na priyoridad ng Racial Equity at Reconciliation Initiative at para mapanatili ang mga importatng serbisyo ng pampublikong kalusugan, habang kasabay na kinikilala na ang City ay may kakulangan sa kaniyang mga rekurso na ngayon ay may hinaharap na kakulangan na \$30 milyon at ang mga malalang epekto ng pandemiko. Kamakailan lamang, nagbigay ng awtorisasyon ang mga botante na dagdgagan o bawasan ang buwis ng cannabis sa pamamagitan ng isang ordinansya na na maaring ma-ibatay ayon sa maximum o minimum na halaga. Sa unang pagpapatupad ng buwis, sadyang pipiliin ng City na ipatupad ang pinakamababang buwis na inaprobahan, na may kakayahan itong itaas sa hinaharap hanggang tuluyang maitaguyod ang industriya. Ang pag-taas ang buwis ay ang pinaka estratehikong posibleng paraan na matulungan ang City na makamit ang pagbalanse ng mga layunin – sa perspektibo ng parehong piskal at mga serbisyo.

Ang Measure MA ay isang inisyatibo sa balota, inaprobahan ng 68 porsiyento ng mga botante ng Long Beach noong Nobyembre 8, 2016, na nagtaguyod ng business license tax sa mga negosyo ng cannabis. Ang panukalang FY 21 Budget ay nagrerekomenda ng pagbabago sa estruktura ng buwis na may pag-taas ng 1 porsiyento na ilalagay sa mga bentang medical at adult-use, tataasan ang buwis mula sa 6 porsiyento hangang 7 porsiyento para sa medical, at 8 hanggang 9 porsiyento para sa adult-use. Nirerekomedna ng Staff na patagin ang buwis ng mga negosyo ng cannabis para sa pag-kompetensya sa iba pang mga mercado ng cannabis, kasama na ang pagbabago na ginawa ng City Council noong Disyembre 2019 para bawasan ang buwis ng negosyo ng mga Manufacturers, Distributors at Testing Laboratories mula 6 hanggang 1 porsiyento. Karagdagang impormasyon sa Measure MA, mga tax rates at mga revenue at matatagpuan sa City Ballot Measures Seksyon sa huli ng Attachment.

Sa pagtaas ng buwis at ang pinahusay na mga proyeksyon ng revenue, ang kita ng cannabis ay isaasahang lumkiha ng \$8.6 milyon sa Fy 21. Pinapanukala ng budget na ito ang pag-gamit ng mga sumusunod n revenue sa tatlong mga lugar.

- Ang Cannabis Oversight at Enforcement na mga programa sa buong lungsod – itong mga gastusing ito ay binawasan bialng bahagi ng mga panukalang pagbawas sa budget. Ang mga pagbawas ng FY 21 ay bahagi ng patuloy na pagsisikap na mapaliit ang gastusin ng mga programa ng regulasyon ng cannabis sa pagpapakitid ng operasyon at pagpapaliit ng mga antas ng mga serbisyo, kung saan man ito naangkop. Sa Fy 21, ang total na mga reduksyon sa programa sa General Fund ay humigit-kumulang sa \$983,000, na may humigit-kumulang \$1.8 milyon para sa labi ng programa. Humigit-kumulang sa pitong posisyon ang binawas mula sa General Fund, nagrerepresenta sa 30 porsyento na pagbawas sa tauhan ng programang ito (hindi kasali ang mga bagong pag-laan ng pondo) at magpapahintulot sa pagbagal ng abilidad ng City na magpatupad ng mga bagong patakaran at/o ng lisensya at pagsasagawa. Mga detalye ng mga pagbawas ay na sa huling bahang ng attachment na ito.
- Mga pagpapahusay kaugnay sa Racial Equity and Reconciliation Initiative ay nakatalakay sa naunang seksyon sa taas. Itong pagpapahusay ay lalabas na \$2.5 milyon.
- Pagpanatili ng mga serbisyong kritikal para sa kalusugang pampubliko at kaligtasan, na kapareho ng resolusyon ng intension sa pag-gamit ng pondo ng cannabis.
 - Malinis na Pangkat
 - Suporta sa Homeless Service at mga Multi-services Center
 - Unit ng Prebenyson ng Biolensya
 - Koordinador ng Citywide Accessibility
 - Mga Pang-Habang Buhay na Programa ng Pag-aaral sa mga Aklatan ng Michelle Obama at Mark Twain
 - Neighborhood Resource Center at Improvement Program
 - Pondo para sa esrutkutra ng Be S.A.F.E. para sa 8 sityo
 - Administrasyon at Pag-programa ng Senior Center
 - Homeland Cultural Center
 - Quality of Life Police Officers

Buod ng mga pag-gamit ng Measure MA ay nasa Attachment K “Measures MA Summary of Uses”

PAG-LUTAS NG PAGKUKULANG SA BUDGET – MGA IBA’T IBANG PARAAN

Ang General Fund ng City ay magkaroon ng pagkukulang na \$30 milyon bilang resulta nga mga revenue na lumaki sa mabagal na takbo kaysa sa mga pag-gastos – na naging dahilang nga mas matinding paglala ng mga epekto ng pandemiko; ang litigasyon ng

Measure M, at ang pag-taas ng mga gastusin tulad ng general liability at mga obligasyon ng pension. Ito ang pinaka malaking pagkukulang na hinarap ng City nitong mga nakaraang taon.

Para matugunan ang mga pagkukulang, isang estratehiya na may iba't ibang mga paraan ay binuo at ginamit tulad ng mga nakalista sa ibaba. Ang mga susunod na seksyon ay magtatalakay ng mga aksyon na isinagawa sa bawat paraan.

1. **Kahusayan at Inobasyon** – kilalanin ang mga opsyon para sa kahusayan ng operasyon, konsolidasyon at mga bagong paraan ng pag-negosyo, pag-gamit ng teknolohiya.
2. **Pagbawas ng Serbisyo** – pag-aralan ang mga pagbabawas sa lahat ng mga City Departments na nagbibigay prioridad sa mga serbisyo/importansya ng City, at gumamit ng mga paraan na nakpaghahatid ng mga resulta.
3. **Mga bago o mga revenue na-ilaan** – tumuklas ng mga bago o mga bagong paraan ng paglaan ng mga revenue ng malubos ang pagbawi ng mga gastusin.
4. **Ayuda/Kontribusyon mula sa mga Empleyado** – makisali sa mga grupo ng empleyado para maktuklas ng mga opsyon ng pagtitipid para mabawasan ang mga layoff at pagputol ng serbisyo.
5. **Strategic Investments** – Pag-invest sa mga pangangailangan kritikal na itinaguyod ng City para sa matibay ang panininidigan pinansyal sa hinaharap at ng maisulong ang kalahatang kalidad ng buhay ng City.

Pagpapahusay at Inobasyon (Unang Bahagi)

Ang pangunahing paraan ay ang pag-aaral ng mga pagpapahusay, inobasyon at mga bagong paraan ng pakikipag-negosyo sa buong organisasyon na maaring makalikha ng pagtitipid. Ang apat na lugar ng pagpapahusay at inobasyon na kasama sa pinakulang budget ay ang mga sumusunod: (1) ang bagong pananaw sa metodolohiya ng paghatid ng kaligtasang pampubliko. (2) pagkilala ng mga pinaliit na mga gastos mula sa teknolohiya at iba pang mga investments noong nakaraan. (3) pagsusuri ng mga ma-diskarteng pag-kontrata sa loob o labas ng mga serbisyo ng City, at (4) pag-tanggal ng mga matagal ng bakanteng posisyon at ang paghanay ng budget sa mga aktwal na operasyon kung saan mayroong mga oportunidad.

Patuloy ang City Staff sa pagusuri, pag-aaral at pag-pahahalaga ng mga operasyon at sa pagtuklas ng mga modelo ng paghatid at mga lugar ng mga pagpapahusay sa FY 21 para makilala ang mga opsyon na maaring maipatupad sa hinanaharap.

Bagong Bisyon ng Metodolohiya sa Paghatid ng Serbisyo ng Kaligtasang Pampubliko

Ang mga lalaki at babae ng Long Beach Police Department ay nagsisikap araw-araw para maprotektahan ang ating mga residente sa ilalim ng batas na isinulong ng ating mga mambabatas at sila ay sumasagot sa tawag na ma-ilagay ang kanilang mga sarili sa landas ng kapahamakan, humaharap sa mga panganib na criminal, pang-kalikasan o sa kasong ito tumutugon sa panganib ng birus ng COVID-19. Masusing pinag-aaralan ng City kasama na ang pagsuri ng mga priyoridad ng budget, patakaran at mga proseso, training, mga inklinasyong personal at institusyonal, para masegurado ang pagbigay ng makatwiran at pantay-pantay na kaligtasang pampubliko at sa makatarungang paraan. Bilang isang City, ating tinitignang mabuti kung paano tayo makikipag-akibat sa lahat ng City departments at maki-trabaho bilang bahagi ng isang patuloy na proseso ng kaligtasang pampubliko.

Sa ibaba ang ilan sa mga bagay na sinama sa Panukalang FY 21 Budget bilang bahagi ng bagong bisyon ng metodolohiya ng paghatid ng kaligtasang pampubliko:

- **Pag-gamit ng mga Posisyong Sibilyan sa halip na mga Posisyong Sinumpaan sa Police Department** – Bahagi ng panibagong bisyon ng mga paraan ng paghatid ng serbisyo sa loob ng Police Department ay ang pagsalin ng mga sinumpaan posisyon na kasalukuyang nai-angat sa mga tungkulin ng department na hindi nangangailangan ng awtoridad ng pag-aresto o maaaring isagawa ng isang klasipikadong sibilyan. Pinag-aralan ng Police Department ang mga tungkulin ng mga sumumpang mga staff na ang pangunahing trabaho ay administratibo at kung saan ang pagsalin sa sibilyan ay magpapahintulot sa mga sumumpang staff na ilipat sa ibang larangan, nang mas mahusay na maggamit ang kanilang mga kaalaman at training. Pinag-aralan din ng department ang mga tungkuling pang-imbestigasyon na maaaring isagawa ng mga analista at iba pang mga posisyong sibilyan, na makapigbibigay ng kasangkapan sa departamento ng mga higit na kailangang mga kakayahang teknikal at analitikal para ma-imbestigahan at matugunan ang mga umuusbong krimen.

Ang mga sumusunod ng mga pagbabago ay isinama sa budget ng Police Department. Ang sumatotal, ang mga bagay sa ibaba ay magtatanggal ng 34 sumumpang mga posisyon at magdadagdag ng 28.7 posisyong sibilyan, ito makakabuo ng pagtitipd na \$5.2 milyon.

- Gawing 16 na Community Service Assistants ang 16 a Police Officers na maaaring sumagot sa mga tawag na Priority 3 Report. Ang Priority 3 na tawag ay para sa mga hindi biyolenteng 9-1-1 na tawag na ang pangunahing request ay para sa report ng isang krimen na kailangang punan pagkatapos mangyari ang krimen ng ari-arian. Ilang hurisdisksyon ang gumagamit ng mga sibilyang posisyon para sa mga katungkulang ito. Mga sibilyan nan aka-uniporme at hindi armado ay bibigyan ng training sa

pag-imbestiga at sa pagtala at pagdokumento ng mga partikolar na mga krimeng batay sa mga ari-arian, sagutin ang mga tawag para sa mga krimeng di-biyolente, at tumulong sa mga miyembro ng komunidad para sa mga police reports.

- Palitan ang 5 Police Officers na posisyon sa 5 Property at Supply Clerk na posisyon na aatasan sa pamamahala, pagpalit, at pag-ugnay sa mga pag-ayos ng mga publick safety equipment at mga tungkulin ng pasilidad sa mga police substation.
- Gawin sibilyan ang Air Support sa pag-elimina ng 6 na Police Officers at dagdagan ng 2 Pilotong sibilyan. Ang iskedyul ng Air Support ay pag-aaralan at ihanay sa mga tawag para sa mga umusbong na mga serbisyo at mga padron.
- Gawing ang isang Detective na position sa isang Crime Analyst at Non-Career Police Investigator na posisyon na ilalagay sa Special Investigation Division. Ito ay magdadagdag ng suportang analitikal at pang imbestiga sa mga seksyon at mga unit na nag-iimbestiga ng homicide, aktibidad ng mga gang, narkotiko, at iba pang mga krimeng biyolente. Itong mga sibilyang posisyon ay makikipag-ugnayan sa mga analista ng krimen na naatasan sa Patrol division para magpasulong ng mga mas maraming komunikasyon ng imbestigasyon at operasyon ng matugunan ang mga umusbong na krimen.
- Imbes na apat na posisyon ng Warrant Detail, gawing 1 Sargeat and 2 Assistan Administrative Analyst para mapagpatuloy ang trabaho ng pag-monitor at ang pag-check ng sa mga inidibidwal na may kasalukuyang warrant gamit ang Directed Enforcement Teams.
- Ang West Division Lieutenant ay gawing Administrative Analyst na position na magpapatuloy suportahan ang Police IT unit.
- Mag-tanggal ng 2 Detective sa Detectives Division at mag dagdag ng Non-Career Ininvestigator na posisyon para mapagpatuloy ang ang imbestigasyon ng pagsunod ng mga sex offenders.
- Ilipat ang Crossing Guard Program mula sa Police Department sa Public Works Department. Ito ay ang muling pag-organisa ng City na makakatulong sa pag-pasimple ng proseso ng pag-empleyo at ihanay sa mga pang-lungsod na oportunidad ng pag empleyo na may mga layunin ng pagpapaulad sa trabaho.
- **Pag-sasaayos at pagpapa-simple ng mga Operasyon ng Bilangguan –** Ipinanukala ng Police Department ang pag-sasaayos ng Operasyon ng

Bilangguan na nagreresulta sa eliminasyon ng 10 Special Services Officers at 2 Clerk Typists na makakatipid ng \$1.2 milyon. Ang mga pagbabago ay sumusunod;

- Ilipat ang Juvenile Booking Desk sa 400 West Broadway, tatanggalin ang pangangailangan ng staff sa pasilidad.
 - Pagsamahin ang Women's at Men's Jail sa isang palapag ng Public Safety Building, na makakatanggap at mananatili sa loob ng patakaran na itinakda ng California Board of State and Community Corrections.
 - Ihanay ang staff sa aktwal na trabaho kaugnay ang dami ng booking, unit ng Court Bailiff at Court Affairs Unit.
- **Iba pang mga internal na reallocation.**
 - Gawing ang posisyong Police Officer sa Police Sargeant para mapangasiwa ang Mental Health Evaluation Team at Quality of Life Team. Ang Quality of Life Team at Mental Health Evaluation Team ay pagsasamahin para sa total na 10 officers at 4 na social workers. Ang posisyon ng Police Sargeant ay magbibigay ng pinagsamang superbisyon sa loob ng homeless outreach ng Police Department at sa mga serbisyo ng kalusugang mental.
 - Pahusayin ang mga kakayahang analitikal ng Internal Affairs Division para ma-imbestigahan at analyze ang lahat ng mga pasaway na kaso sa Police Department sa pamamagitan ng pag-laan ng isan analistang posisyon mula sa Office of the Chief of Police sa Internal Affairs Division.
 - **Pagpalit ng HEART Team model** – Ang City ay may dalawang Homeless Education at Response Team (HEART) ng mga unit na may dalawang tauhang bombero/paramedic para sa bawat unit. Gaya ng nakatakda sa seksyong Racial Equity and Reconciliation Initiative sa itaas, pinapanukala ng budget na ito na ilipat ang dalawang grupo ng Heart galing sa Fire Department papunta sa Health Department at lagyan ng mga nurses. Makakaasa ito ng pagtitipid na humigit-kumulang sa \$450,000 mula sa Fire at Health Department at magpapatuloy ang pagbigay ng serbisyong mobile na may mga nurses na na-train at may kakayahan na makamit ang mga pangangailangang pangkalusugan at pantao ng pinasisilbihan nitong populasyon.

Pagkilala sa mga Nabawang Gastusin mula sa Teknolohiya at Iba Pang mga Estratehikong mga Investments.

Dahil sa mga nakaraang teknolohiya at iba pang mga investments, nagawa ng City na mamuhunan ng simpleng mga operasyon para matukoy ang mga pagtitipid. Itong mga aksyon ay makakatipid sa General Fund ng \$1.9 milyon at kasama ang mga sumusunod.

- Eliminasyon ng Equipment Mechanic 1, Garage Service Attendant II at ang pagbigay ng bagong klasipikasyon sa ibang mga posisyon sa Fleet Services Bureau sa Financial Management Department gawa ng mas kaunting pangangailangan bilang resulta ng ilang taong pag-invest sa modernisasyon ng fleet ng city. Kasama ang mga ibang mga pag-babago ng fleet ay inaasahan para mabawasan ang mga pagbabago sa loob ng mga departamento ng Fleet at makatipid sa General Fund ng \$900,597 mula inaasahang naunang proyeksyon.
- Bawasan ang budget sa pagpanatili ng dating Mainframe System ng City, na hindi na kakailanganin kasunod ng implementasyon ng HR/Payroll at budget Development Phase (Phase 2) ng LB Coast, ang bagong sistema ng Enterprise Resource Planning (ERP) ng City. Bagamat naantala ang implementasyon ng Phase 2 gawa ng mga epekto ng pagtugon sa pandemiko, ang Departamento ng Teknolohiya at Inobasyon ay gagamit ng General Services Fund Groups na nakahanda sa halip na singilin ang mga departamento ng user hanggang hindi naalis sa komisyon ang Mainframe. Kasama ng iba pang mga pagbago sa mga departamento, nakaasa na mayroong pagtitipidsa General Fund ng malamang \$600,000.
- Pag-tanggal ng Admin Intern Position sa Police Department Records Division habang may binubuo na pinahusay na E-Citation technology at sistema na magpapahintulot para sa mga automatic na updates ng mga datos ng traffic citations sa Police Records Management Systems.
- Pag-tanggal ng Accounting Operations Officer, 2 Accounting Technicians at 1 Accounting Clerk sa Financial Management Department dahil sa dagdag na kahusayan ng bagong ERP system.
- Pag-tanggal ng 2.26 FTE's sa Ambulance Collections and Collections Division sa Financial Management Department para maging simple ang proseso sa pamamagitan ng bagong sistema ng koleksyon.

Mga Pag-Kontrata ng mga Serbisyo ng City para Ma-asikaso ang mga Gastos

Bahagi na pagsusuri kung paano naghahatid ang City ng mga serbisyo ay ang pagtingin kung saan may saysay na dalhin o ikontrata ang mga serbisyo na dating ginagawa ng mga consultant, pati na rin ang pagtingin sa mga lugar kung saan maaaring mas mabuting pagsilibihan ang City sa tema ng mga gastos sa pamamagitan ng pagkontrata sa labas ng kasalukuyang isinasagawa ng City staff.

Ang sumusunod na mga bagay na dating ginagawa ng mga konsultant ay pinapanukala na gawin ng City staff. Suma total, ang tantya ay mayroong pagtitipid ang General Funding ng \$1.1 milyon.

- Dagdag na 4 na posisyon sa grupo ng Permit sa Public Works Department para madala ang pag-aral ng permit at ang pag-isyu ng mga serbisyo sa loob kaysa sa mga consultants.
- Dagdag na 6 Public Works staff para ilipat ang maintenance ng mga ilaw ng kalye na kasalukuyang ginagagawa ng taga labas na contractor, City Light and Power. Ang kasalukuyang kontrata ay matatapos sa Spring ng 2021, at ang pagkontrata sa loob ay maakapagtipid ng halos \$1.5 milyong kapag ito ay napatupad.
- Pagdagdag ng Business System Specialist na posisyon sa Departamento ng Teknolohiya at Inobasyon para madala sa loob ang serbisyong propesyonal ng Microsoft Office 365 kung kinakailangan.
- Pagdagdag ng part-time clerk na posisyon para madala sa loob ang pang-lungsod na mobile account billing sa Commercial Services ng Departamento ng Teknolohiya at Inobasyon.
- Pakikipag kontrata sa City ng Rossmoor para malinis ang kanilang mga kalye tuwing lunes na makapagbibigay ng revenue sa City.

Ang mga sumusunod na mga bagay ay pinapanukala para ikontrata sa labas ang mga serbisyong ginagawa ng staff. A Prop L analysis at Meet and Confer na mga proseso ay kailangang kompletihin bago maipatupad ang mga bagay na ito. Habang ang mga pigura ay magbabago batay sa mga bagong impormasyon at tantya, ito ang kasalukuyang proyeksyon na makapatitipid ng humigt-kumulang \$950,000 sa lahat ng pondo (\$500,000 sa General Fund).

- Eliminasyon ng 5 Customer Service Representative na mga posisyon sa Parking Citations Seksyon sa Financial Management Department ng ma-ikontrata ito sa mga kaugnay na serbisyo na may Data Ticket, kasama ang manwal na pagpasok ng citation, proseso ng citation ng rental na kotse, paglabas ng liability at pagpalit ng mga plaka.
- Eliminasyon ng 4 na posisyon sa Survey Team sa Public Works Department at ikontrata kung kinakailangan. Isang Senior Surveyor na posisyon ay pananatiliin bilang superbisor sa mga kinontratant surveyors.
- Eliminasyon ng 4 na posisyon sa Public Works Department at ikontrata sa labas ang koleksyon ng mga metro ng parking at maintenance ng 1,800 na mga metro sa kalye at paystations.

Pang-matagalang bakanteng posisyon at paghanay ng budget sa aktwal na operasyon

Bawat taon, pinag-aaralan ng mga department ang kanilang budget para makahanap ng lugar ng pagpapahusay at pagtitipid, kasama na ang eliminasyon ng matagal nang bakanteng posisyon o paghanay sa budget sa mga aktwal na posisyon na maaaring nagbago na sa loob ng ilang taon. Ang mga bagay na ito ay kasama sa lahat ng mga panukalang budget na nakalista sa Attachments E at F.

Pagbawas ng Serbisyo (Ikalawang Bahagi)

Pinag-aralang mabuti ng City ang mga pagbawas ng mga serbisyo at mga priyoritasyon. Itong trabahong ito ay gagawin gamit ang mga Balanced Outcome-Based Approach. Itong gawain na ito ay makakamit ang mga mahahalagang layunin:

- Priyoridad at pagbigay ng mga pangunahing serbisyo sa mga katanggap-tanggap na baitang ng serbisyo
- Pagkamit ng mga tagubilin na lokal, pang estado at mga mandatong pederal at mga tagubiling legal.
- Ang seguradong sapat na tauhan nasusuporta para sa mga serbisyo ng front-line at mga sistema para sa mabisang paghatid ng mga serbisyo, ang pangangalaga ng kapasidad ng pag-organisa para sa mahusay sa operasyon.

Titignan din ng paraan na ito ang mga kinalabasan ng mga pagbawas ng serbisyo kaysa basta lang ipatong ang isang porsyento ng pagbawas ng pondo na nailaan sa mga departamento. Ito ay nag-resulta sa mga pagbawas, pag-laan, at pagpapahusay sa lahat ng mga departamento ng City, kasama ang lahat ng mga departamento na pinag-aaralan pa ang mga pagbawas ng serbisyo, pati na rin ang kaligtasang pampubliko, para mapanatili ang matatag na balanse ng mga katanggap-tanggap na baitang na serbisyo.

Ang sumatotal, ang neto ng mga pagbawas ay may tanyang umabot sa \$16.3 milyon, o \$18.7 milyon kung hindi kasali ang mga pagpapahusay kaugnay sa Racial Equity and Reconciliation Initiative. Sa lahat ng neto ng mga pagbabawas, ang pagbawas sa Police Department ang pinakamalaking posyon na nasa \$10.2 milyon o 63 porsyento. Kasunod ang Fire Department na may \$2.8 milyon o 17 porsyento. Lahat ng departamento, habang ang kanilang kontribusyon sa total na pagbawas ay mas maliit kumpara sa Police at Fire na may maliit budget ng General Funds, sa pamantayan ay tumanggap ng 4 porsyento na pagbawas ng kanilang budget pang departamento, nanagrerepresenta ng pagbawas sa budget. Ang mga indibidwal na departamento ay maaring may mas mataas o mas mababang pagbabawas bilang mga desisyon na naisagawa batay sa mga partikular na panukala ng departamento at mga katanggap-tanggap na epekto ng serbisyo. Karagdagan pa dito, kung ang potensyal na savings ng employee furlough ay isasama, ang mga departamento ay makakatipid sa FY 1 sa promediyo na 9 porsyento ng kanilang budget. Para sa Police, ito ay posibleng magkaroon nga \$12.9 milyong pagbawas sa FY 21 sa 5.2 porsyento ng kanilang budget at para sa Fire, maaaring \$3.3 milyon at 3.2 porsyento ng kanilang budget. Tignan ang “Executive Summary – Financials” para sa

mga breakdown ng mga dolyar at pagbabago ng posisyon sa General Fund ng departamento.

Sa ibaba ang isang mataas na antas na buod ng mga pagbabawas ng mga serbisyo ng departamento.

Pagbawas sa Kaligtasang Pampubliko.

Ang mga bagay sa ibaba ay karagdagan sa mga pagbabawas na isinalarawan sa “Reinvisioning Public Safety Service Delivery Methodology” sa itaas. Ang suma total, lahat ng pagbabawas sa panukalang FY 21 Budget ay nagresulta sa pagbabawas ng 59 sa buong lungsod sa lahat ng mga pondo (54 mula sa Police Department at 5 mula sa Fire Department)

- Tanggalin ang overtime budget na nagsusuporta sa South Division Pine Camera Program. Ang pondo na ito ay para sa karagdagang suporta sa oras sa gabi Huwebes, Biyernes at Sabado ng gabi. Ang programa ay nasa lugar pa rin, kung wala nga lang overtime support.
- Bawasan ang Vice Detail Unit mula sa 9 posisyon sa 8 posisyon, sa pamamagitan ng 1 Lieutenant na posisyon. Ang anim na sinumpaang posisyon at 2 sibilyan na posisyon ay mananatili sa pagpatuloy ng pagsaliksik ng mga lisensya ng AB at mga isyu ng compliance, pag-isyu at pag-suri ng mga Entertainment Permit, pagsagawa ng background check sa mga lisensya ng negosyo ng marijuana, at pag-imbetiga ng krimen, pagpatupad ng mga batas, at pagsali sa mga pagsagip kaugnay ng Human Trafficking.
- Bawasan ang Narotics Field Team mula 8 hanggang 3 Police Officers. Magbabawas ito ng porsyon ng Drug Investigation Seksyon na nagiimbestiga ng mga bentahan sa kalye. Ang natitirang porsyon ng Drug Investigation Seksyon ay mananatili pa rin na may 14 na sumumpang mga posisyon at magiging handa sa pag-imbetiga ng malakihang krimeng narkotiko.
- Bawasan ang K-9 Team mula 10 hanggang 7 my budget na Police Officers. Ang natitirang team ay magpapatuloy sa pag-gamit ng mga tinrain ng mga aso para tumulong sa paghuli ng mga sospek.
- Bawasan ang over time para sa police patrol sa South Division Tidelands ng \$83,034, na nagrerepresenta ng 88 na 10 oras na shift. Halos \$291,000 na overtime dollars ay mananatili pa rin para sa pakay na ito.
- Tanggalin ang 2 Police Officer na position mula sa LA County Metro na kontrata ayon sa kanilang kahilingan. Ang kasalukuyang staffing model ay nagbibigay ng sapat na pagsakop ng A Line.

- Tanggalin ang natitirang Police Officer na posisyon na nadestino sa LBUSD School Resource Officer program ayon sa hiling ng LBSUD.
- Pagbawas ng \$1.9 milyon sa Fire Department. Mga partikolar na pagbawas ay hindi pa natutukoy pero ang City ay makikisali sa malawak na pag-aaral sa FY 21 para masuri ang kanilang mga operasyon at matukoy ang mga partikolar na estratehiya at mga paraan para sa mga larangan ng pagbabawas na estruktural na ipapatupad sa FY 22 dagdag sa mga pagbabago na kailangan sa FY 22 para matugunan ang mga hinaharap na mga pagkaluge. Sa FY 21, itong pagbabawas na ito ay sasakupin sa isang beses ng isang taong pag-antala ng koleksyon ng kapital ng pagpapalit ng mga sasakyan para sa buong fleet ng Fire. Ito ay nagreresulta sa mga fleet na magiging isang taon nab ago palitan. Bukod pa dito, itong paraan na ito ay dapat lamang pang-isang taon na solusyon, kung hindi man, may magiging mas malaking gastusin sa hinaharap kung ang mga sasakyan ay kailangan nang palitan.
- Ilipat ang dalawang HEART team units sa Fire Department sa Health Department, magtanggap ng 4 na posisyon ng Budgeted Firefighter. Ito ay parte ng restructuring ng HEART Teams na lalagyan ng mga Nurse na may mas malaking pokus sa kalusugan ayon sa natalakay sa seksyon ng Racial Equity and Reconciliation sa itaas.
- Pagtanggap ng 2 posisyon ng Public Safety Dispatcher sa Disaster, Preparedness and Emergency Communications Department. Kulang ang staff ng dispatchers dahil sa mga hamon ng pag-hire at training, ngunit mayroong mga pagpapahusay sa pag-hire na katumbas ng may budget. Noong FY 20, inaprubahan ng City Council ang bagong saklaw ng sweldo para sa mga Dispatchers na maging katumbas ng mga sweldo na inaalok ng ibang mga ahensiya at makatulong sa pagpanatili. Pagbawas ng kasalukuyang antas ng staffing sa dalawang posisyon ay makaka-apekto sa pangkalahatang operasyon ng 9-1-1 dahil sa pinakamababang antas ng staffing na kinakailangan para mabawasan ang iniutos na overtime, pero patuloy ang Department sa pag-trabaho, pagpanatili, pag-hire, at pag-train ng mga de kalidad na staff ng Public Safety Dispatch. Matapos ang pagbabawas na ito, 71 lokasyon ng dispatch ay mananatili para mag-bigay ng kritikal na serbisyo ng 9-1-1 sa ma residente ng Long Beach.
- Sa Tidelands Operating Fund ng Fire Department, may pagtatanggal ng Marine Safety Officer at ang pagbawas ng may budget na Non-Career lifeguard ng 10 porsyento mula 20;83 FTEs hanggang 18.75 FTEs. Ang isang clerk typist ay itataas bilang Assistant Administrative Analyst position para makatulong sa departamento na isa-ayos ang mga tungkuling internal para mapanatili ang Junior Lifeguard Program. Ang pagtanggap ng seasonal Lifeguards ay nagreresulta sa mas kaunti ng 5-7 na Non-Career Lifeguards sa beach kahit anong araw, na ito may maaaring makapag-antala ng mga emergency response at mga pagpapatupad ng mga municipal codes sa mga beaches. Ang natitirang staff ay magpapatuloy ang pokus sa pag-prioritize ng mga reponsibilidad ng life-safety,

kasama na ang pagsagip sa tubig, mga tawag ng 9-1-1, paggamot ng kagat ng stingray, at iba pang mga kaugnay sa mga tawag na medical. Pagbawas ng isang Marine Safety Officer ay maaaring maglimita ng kakayahan ng dive operations at ito ay nagreresulta sa bawas na superbisyong ng mga seasonal Lifeguards kapag summer season. Ang Junior Lifeguard program ay wala nang Sumumpang Marine Safety Officer na mamahala ng programa, at itong mga tungkuling ito ay ililipat sa program administrator na sibilyan at sa isang Marine Safety Captain.

Pagbabawas sa Suporta ng mga Serbisyong Administratibo

Ang panukalang budget ay may kasama na iba't ibang pagbabawas sa staff na administratibo at mga programa, na may balak na ipamahagi ang mga trabaho sa natitirang staff. Sisikapin na mapanatili ang trabaho, ngunit ito malamang maantala, maging pabigat sa hirap ng mga kakayahan ng staff at trabaho, at ang binawasang flexibility ng staffing para makatugon sa mga isyu at analisis sa wasto at nasa oras na pamamaraan. Sa ibaba ang mga halimbawa.

- Ang pagbawas na 0.5 ng Assistant sa City Manager na posisyon at pati na rin ang pagbawas ng 05 ng Manager of Cannabis Oversight na posisyon sa City Manager's Office, nagreresulta sa pagbawas ng isang netong Assistant to the city Manager na posisyon. Aayusin ng Departamento ang mga pag-aatas ng mga trabaho para maipamahaging muli ang trabaho ngunit magkakaroon limitadong kapasidad para makatugon sa mga espesyal na hiling o analisis para sa programa ng cannabis at mga internal departmental budget at mga espesyal na pamamahala ng proyekto. Ang epekto ng ano pa mang mga pagbabawas ng Cannabis Manager ay isinalarawan sa seksyon sa ibaba sa mga pagbabawas ng programa ng cannabis.
- Tanggalin ang 1 License Inspector at 0.75 na Non-Career na posisyon ng Customer Service Representative sa Business License Division sa Financial Management Department. Itoy ay maaaring mag-limita ng mga ginagawang aktibidad ng mga pagpapatupad, ngunit i-aatas muli ng Departamento ang trabahong walang revenue sa staff na di-inspektor para mabawasan ang pagkaluge. Magiging mahirap din na lagyan ng tauhan ang mga telepono at mga counter sa Permit Center, ngunit ang priyoridad ay ipopokus sa pag lagay ng tao sa Permit Center.
- Tanggalin ang iba't ibang mga staff na pang administratibo at clerical na may total na 3 posisyon sa Community Recreations Services Bureau in the Parks, Recreation at Marine Department. Ang trabaho na kaugnay sa mga pag-iskedyul ng permit, reserbasyon, pag-monitor ng budget at mga development ay kinakailangang saluhin ng mga natitirang staff na maglilikha ng paghihirap sa kapasidad.

- Tanggalin ang posisyon ng Communications Specialist sa team ng Telecommunications data sa Technology and Innovation Department. Mababawasan nito ang team ng data network mul 5 hanggang 4, na magdadagdag ng mga trabaho para sa natitirang staff at ang kung gaano katagal ang trabaho. Gagawin ng Departamento na paga-anin ang ilan nito sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pagdaloy ng trabaho at mga pagbigay ng priyoridad.
- Tanggalin ang posisyon ng Business Systems Specialist sa Enterprise Information Bureau sa Technology and Innovation Department, ito ay magresulta sa mas matagal na paghintay sa mga request para sa serbisyo at mga pagtapos ng mga proyekto para sa mga pangangailangan ng mga sistema ng serbisyo ng utility.
- Tanggalin ang Assistant City Traffic Engineer sa Public Works Department. Ang mga tungkulin ng pagsuporta at pagpagaang ng mga kaligtasan hinggil sa isyu kaugnay ng traffic ay aasikasuhin ng ibang staff. Ito ay magdadagdag ng oras sa tugon para sa mga request hinggil sa traffic, kasama, pero hindi limitado, ang mga traffic sa mga pag-aaral ng mga neighborhood traffic, pagsusuri ng plano habang dinadagdagan din ang oras sa paghatid ng mga proyekto may kinalaman sa mga transportasyon.
- Ang transisyon mula sa bayad na OpenGov na subsripsyon na ginagamit para mapakita ang mga gastusin ng City sa isang mas mahal na opern source na solusyon para maipakita ang mga impormasyong pinansyal.
- Isang taong suspensyon ng Management Assistant Program sa City Manager's office para makaipon ng minsanang pagtitipid. Ito ay magiging balakid sa mga pangmatagalang layuin ng City para mag-invest sa pagdadala ng mga talent sa City para sa mga plano ng hinaharap, ipagpatuloy ang mga pagpapaunlad ng kalidad na pang organisasyon, at ang suporta sa mga pag-aaral ng City at mga pagpapahusay ng mga pamamaraan.

Pangangasiwa ng cannabis at pagpapatupad ng mga pagbawas ng mga programa

Total pagbabawas sa City ng Cannabis Oversight at Enforcement Programs (Pangangasiwa ng cannabis at pagpapatupad ng mga programa) ay sinama ang pagbawas ng humigit kumulang na 7 posisyon at pagtitipid ng humigit kumulang sa \$983,000 sa General Fund. Hindi kasali ang mga ibang re-alokasyon ng pondo, itong mga pagbabawas ay nagrerepresenta ng humigit kumulang 30 porsiyento na pagbawas sa mga posisyon sa Cannabis oversight program. Itong mga pagbabawas na ito ay magkakaroon ng tamang Cannabis Regulatory Program (programa ng pag-regula ng cannabis), gaya ng mga tinutukoy sa ibaba:

- Pagbawas ng 0.5 mula sa Manager ng Cannabis Oversight na position at mga materyales ng budget. Sa mga pagbawas na ito, ang Opisina ng Cannabis

Oversight sa Opisina ng City Manager ay magpapatuloy sa pangangasiwa ng negosyo o pakikipagsangguni sa komunidad, implementasyon ng programa ng equity, pakikipagugnayan sa mga department hinggil sa regulasyon at pagpapatupad, at ang pamamahala ng ng koordinasyon ng County/State at publico. Gayunpaman, sa mga pagbabawas na ito, mayroong mga limitadong abilidad para makatugon sa mga requests para sa mga spesyal na proyekto kaugnay sa programa ng cannabis. Noong nakalipas, kasama sa mga request ang pagsasagawa ng mga piskal na analisis para sa pagsasaayos ng halaga ng lisensya ng negosyo, pagsusuri ng mga posibilidad ng mga bagong lisensya ng cannabis, at pakikipagugnayan sa iba pang mga department para mapahusay ang mga iba't ibang aspeto ng programa ng regulasyon.

- Eliminasyon ng Clerk Typist III, isang Combination Building Inspector at mga porsyon ng senior Combination at Principal Building Inspector na nagtatrabaho sa code enforcement sa Development Services Departments. Ang natitirang enforcement team ay magiging 0.5 ng isang posisyon at mga budget nga material; ang natitirang staff ay magpapatuloy sa pagtugon ng mga request para sa serbisyon at masipag na kikilalanin ang mga negosyo at estruktura na hindi pa nakakuha ng wastong permit.
- Eliminasyon ng Cannabis Deputy City Attorney at pagbawas ng \$150,000 sa budget para sa tagalabas ng mga abogado (outside legal counsel). Mga serbisyong legal para sa kasalukuyang trabaho sa cannabis ay maaaring gawin sa pagbawas ng staff na may tulong mula sa taga-labas na mga counsel (abogado).
- Re-alokasyon ng 2 Environmental Health Specialist – NC na mga posisyon mula sa General Fund dalhin sa Health Fund habang ang mga inspeksyon sa negosyo ng cannabis ay mga aktibidad na may kita. Wakang magiging epekto sa serbisyo at ito ay isa lamang pagbabago kung saan mangagaling ang funds.

Pagbabawas sa mga Serbisyo sa Komunidad

Pinagsikapang ng pinanukalang budget ang pagpapaliit ng mga negatibong serbisyo na lumilikha ng epekto sa mga residente. Sa ibaba ang mga lugar kung saan ang mga pagbawas ay makakatulong sa paglikha ng mga pagtitipid na kailangan nang mabalanse ang budget, habang binabalanse at binibigyang prioridad ang mga serbisyo at programa.

- Gaya ng na itala sa seksyon ng Racial Equity at Reconciliation Initiative sa itaas, 9 na aklatang (branch libraries, Main, Obama, Twain) ay magiging bukas, ng 3 araw mula Martes hanggang Huebes. Ang mga aklatan ay mananatiling full service habang sila ay bukas. Ang Billie Jean Main, Michelle Obama, Mark Twain na mga aklatan ay magbubukas 7 araw sa halip na dating 5 araw na may mga pinahusay na mga serbisyo para sa pangunahing mga aklatan ng City para sa mga residente

at ito ay magsisilbi sa parehong lokal at rehiyonal ng may serbisyo na hindi dati nakukuha sa City nitong mga nakaraang panahon.

- Bawasan ng isang oras ang Summer Fun Day na programa sa 19 na sityo at ang Teen Center ng 4 na sityo. Sa ngayon, ang mga programa ay tumatakbo ng anim na oras mula 11 am hanggang 5 pm. Itong Pagbawas na ito ay magresulta sa mga programa na tumatakbo mula 11 am hanggang 4 pm sa panahon ng summer.
- Ang pagbawas ng serbisyong legal para sa mga panlabas na transaksyon ng real estate, serbiyong architectural, at mga maintenance ng mga property sa Economic Development Department. Lingguhang pagbisita para sa maintenance ng property ay magaganap buwana o dalawang beses bawat buwan.
- Pagbawas sa Tidelands Operating Fund para makagawa ng pagtitipid dahil sa malaking pagkawala ng revenue ng langis, pagdami ng gastusin para mabawi ang mga inutang na hindi masakop ng ibang mga revenue. Karagdagang impormation sa Tidelands ay tatalakayin sa huling parte ng ulat na ito. Kasama sa mga pagbabawas ang mga:
 - Tanggalin ang lahat ng dagdag na kontrata ng landscape na funding para sa mga Parks, Recreation at Marine Department na ginagamit para sa mga emergency at mga proyekto na hindi sakop ng karaniwang mga tungkulin ng kontrata. Mga simpleng maintenance ay patuloy pa rin.
 - Mga pagbabawas sa Marine Bureau in Parks, Recreation, at Marine, kasama na ang eliminasyon ng Marina Supervisor at Marine Agent II at pagbawas ng oras ng Marina Agent III. Maaaring maapektohan ang oras ng pagtugon at maantala sa mga proseso ng mga bago/kanseladong mga permit at mga plano ng konstruksyon.
 - Pagbawas ng mga serbisyong pang-landscape sa Tidelands ng 20 porsiyento na kinalalabasa ng dating lingguhang pag tabas ng mga luntiang lugar, gawin sa bawat ikalawang lingo sa halip na bawat lingo, makatitipid ito ng \$11,000.
 - Pagbawas ng budget para sa pagtabas ng mga puno sa Tidelands sa Marine Bureau. Ang mga pagtabas at mga katulad na serbisyo ay gagawin sa bawat dalawang taon, makakatipid ng \$25,000.
- Pagbawas ng 2.8 porsiyento ng Special Advertising at mga Promotions (SAP) na pondo gawa ng malaking pagkaluge dahil sa impak ng pandemikoo. Ang mga pondo para sa SAP ay inaasahang bumaba ng malaki gawa ng mga pagka-luge at inaasahang baka maubusan ng mga reserba sa loob ng ilang taon kung hindi aaksyonan. Karagdagang impormasyon ay tatalakayin sa huling bahagi ng ulat na ito. Mga pagbabawas ay ang mga sumusunod:
 - Pagbawas ng 2.18 na mga position (Events Coordinator at Clerk Typist) at mga budget ng material sa mga Special Events at Filming sa City Manager's

Office, na maaaring mag-limita sa kakayahan ng staff na mangasiwa ng mga events at sa sakop ng mga events.

- Pagbawas ng posisyon ng public affairs social media coordinator sa City Manager's Office na nagsusuporta sa komunikasyon, marketing at ang pagmensahe sa social media; natitirang trabaho ay paghahatian sa Office of Public Affairs.
- Bagong mga alokasyon ng porsiyon ng General Fund ng Community Information Officer sa Parks, Recreation, at Marine Department sa SAP
- Eliminasyon ng pagpondo ng humigit-kumulang sa \$53,000 para sa mga konsyerto ng komunidad na dinagdag sa FY 19 para sa pagsuporta ng marketing, komunikasyon at damihan ang mga partisipasyon sa mga programa. Ito ay para mabawi ang paglipat ng alokasyon ng Community Information Officer.
- Pagbawas ng kontrata sa Long Beach Museum of Art ng \$18,450. Ang natitirang halaga kontrata ay \$350,000.
- Pagbawas ng kontrata sa Arts Council para sa Long Beach ng \$25,215. Ang natitirang halaga ng kontrata ay \$479,085.
- Ang pagbawas ng kontrata sa Long Beach Convention at Visitor's Bureau ng \$450,000. Ang natitirang halaga ng kontrata ay \$4,608,676

Bago at mga Inilipat na mga Revenue (Ikatlong bahagi)

Ang pagsusuri ng mga kinikita ng City at ang pagsagad ng mga pagbawi ng mga gastos ay isang mahalagang bahagi ng pagpapalano ng budget, lalo na kung may inaasahang pagkukulang. Sa ibaba ang mga kita na may kinalaman sa mga bagay na kasama sa budget.

- Taasan ang estruktura ng buwis ng lisensya ng negosyo para sa cannabis na ipinaliwanag sa itaas.
- Ang pag-gamit ng halos \$450,000 milyon na karagdagan sa Measure A na pondo para mapanatili ang mga serbisyo ng Police at Fire batay sa mga kita na dati ay akalang mas mataas sa proyeksyon. Halos \$435,000 nito ay mula sa paglaan ng Measure A ng Fire na pag-pondo ng HEART team, dahil ang HEART team ay nasa Health Department na ngayon.
- Magpresenta ng bagong bayad para sa rehistrasyon ng sports na naghahalagang \$25 bawat kasali sa bawat sports sa Parks, Recreation, at Marine Department. Sa kasalukuyan, mga kasali ay nagbabayad lamang nga \$10 para sa equipment. Itong bagong bayad ay base sa programa at may kasamang waiver para sa mga pamilyang maliit ang kita.
- Taasan ang bayad ng sasakyan sa El Dorado East Regional park ng \$1 bawat sasakyan
- Taasan ang taunang passes ng El Dorado East Regional Park ng \$5.

- Taasan ang oras sa pagparada sa Beach Lot Parking ng \$.25 sa bawat 15 minutos.
- Gamitin ang estruktura sa pagtaas ng paglipat ng Gas Fund ng halos \$1.3 milyon (\$298,000 para sa CPI at \$1 milyon na pangkalahatang pagtaas). Itong pagtaas na ito ay nasa tagubilin ng Measure M at nagpapanatili ng kalusugan ng Gas Funds.
- Taasan ang halaga ng transmisyong ng natural gas sa Energy Resources Department. Ang mga halagang ito ay hindi pa naitataas simula ng 2016 at ito ay mababa ng 32 porsiyento sa kasalukuyang halagang pang residensyal ng SoCalGAs. Ang panukalang pagtaas ng halaga ng natural gas transmission ay magreresulta sa humigit kumulang sa promediyo ng buwanang bill na residensyal na \$2.35, o ang epektibong 10.4 porsiyento na pangkalahatang pag-taas na may halos 77 porsiyento ng residential ratepayers ng ER. Kahit na may pagtaas, ang long beach ay nasa baba pa rin ng 7 porsiyento ng mga rates nga SoCalGas na pang residensya. Mga karagdagang impormasyon ay nasa Executive Summary.
- Ang towing fee na 8 porsiyento ay itaas sa 17 porsiyento para ma sakop ang mga dami ng towing at mga karagdagang gastos ng Towing Operations.

Ang City ay kasama din sa pag-aaral ng mga bayad na nag-aanalyze ng mga bayad at mga multa para sa mga serbisyo sa lahat ng mga departamento ng City. Ang pag-aaral ay inaasahang umabot ng ilang taon, na sinusuri ang mga departamento ng madalas. Noong Fy 20, ang pag-aaral ay nagsimula sa pagsusuri ng unang grupo ng mga serbisyo sa loob ng Parks, Recreation, at Marine, Development Services at ng Health Department. Nagkaroon ng mga pagka-antala sa mga pag-skedyul dahil sa kakayahan ng staff gawa ng pandemiko, ang mga resulta ng drafts ay inaasahang makompleto sa pagtapos ng FY 20 na may mga rekomendasyon na isasama bilang bahagi ng unang pagpalit ng mga bayad ng FY 21.

Ayuda/Kontribusyon mula sa mga Grupo ng Empleyado (Ika-apat na Bahagi)

Sa buong nasyon, mga estado, mga county at mga lungsod ay sinasali ang kanilang mga unyon ng mga empleyado sa isang aktibong dialogo tungkol sa pagpapanatiling piskal. Sa Long Beach, bilang resulta nga mga di inaasahang mga pagkakataon, ang City ay naghahanap kung saan makapagtitipid ng hindi kukulang s \$11 milyon sa General Fund sa pamamagitan ng mga furloughs ng mga empleyado at iba pang mga karagdagan mga kontribusyon ng mga empleyado at mga pagititpid mula sa mga pagititpid sa mga labor group ng mga empleyado para makatulong sa pagpigil ng mga malalaking pagbawas na kinakailangan para mabalanse ang budget. Ang 26 araw ng furlough ay nakatipid ng labing-isang milyon para sa buong taon, na nauang nasama sa Panukalang FY 21 Budget. Itong mga posibleng mga pagtitipid, ay kasalukuyang pinagkaksunduan at hindi pa pinal.

Ang mga furlough ay solusyon na pang minsanan lamang sa isang problemang estruktural dahil hindi ito nirerepresenta ang isang permanenteng pagbawas sa mga oras ng trabaho or kompensasyon. Ang kahit anong pag-gamit ng furloughs para mabalanse ang budget ay maglilikha ng pag-babago sa estruktural na pagkukulang na kakailanganin bigyan ng solusyon sa susunod na taong piskal. Karagadagan pa dito, ang mga furloughs ay nagrerepresenta ng 10 porsiyentong pagbabawas ng bayad ng marami sa ating mga empleyadong hindi nanumpa at ang pag-implemanta ng furloughs ay marahil mangangailangan ng pagsara ng mga serbisyo ng city ng isang araw sa isang lingo, ito ay magresulta sa pagkawala ng serbisyo sa komunidad at ang pangkalahatang epekto sa kakayang organisasyonal ng 10 porsiyento.

Gayunpaman, kasama ang kooperasyon at tulong ng mga empleyado, itong mga posibleng mga pagtitipid na makakamit mula sa mga furloughs ay makapagbigay ng pananandaliang sanhi na makaiiwas sa mga mahalagang mga pag-layoff, na maaaring magkaroon ng malubhang epekto sa komunidad at mga empleyado. Ang pagtitipid mula sa mga furloughs a humigit-kumulang na kapatantay ng pagsagip ng 106 na posisyon na tatanggalin mula sa budget at makakaiwas sa maraming mga layoff. Ang kabigatan ng mga isyu na hinaharap ngayon ng city kasama pa ang pagkukulang na \$30 milyon, ang pagtugon sa pandemiko, pagtugon sa racialy equity, itong suporta mula sa mga empleyado ay magiging malaking tulong.

Malaki ang pasasalamat ng City sa kolaborasyon at ang pagkikipagtambalan sa mga unyon ng mga empleyado, sa mga masisipag na mga trabahador na kanilang kinakatawan, at ang kanilang pagnanais na lumapit sa mesa para matalakay ang mga solusyon at tulongan ang City sa mga di inaasahang pagkakataon. Patuloy kaming makikipagsangguni sa mga empleyado, umaasa na makarating kami sa isang maayos na kasunduan para sa lahat.

Mga Ma-estrategyang mga Investment (Ika-limang Bahagi)

Ang pag-pondo para sa mga ma-estrategyang investments, habang nagdudulot ng mga panandaliang gastos, ay maaaring magkaroon ng mga benepisyo at pagtitipid at makatulong sa pag-iwas na mas mga malalaking mga gastos sa hinaharap.

Mga Ma-Estrategyang Investments na Estruktural

Bilang bahagi ng mga kalalabasan ng balanseng budget, ang mga layunin para mapanatili ang kakayahan para makamit ang kinakailangan na lokal, State, at mga mandatong pederal at mga tagubiling legal; para masegurado ang sapat na suporta ng staff para sa mga front-line na serbisyo at mga sistema; at ang pagtugon sa mga request ng City Council. Sa ibaba ang mga investments na kasama sa pinanukalang budget para makamit ang mga layunin.

- Dagdagan ang pondo para sa mga pangangailangan ng Grounds Maintenance ng kabibili lang na Sunnyside Cemetery, na prioridad ng Mayor at ng City Council, aabot sa \$301,000.
- Dagdadgan ng Assistant to the City Manager para makapaglagay ng suporta ng staff ng Ethics Commission, kasama ang pag-aaral, pag-uulat at serbisyo ng pagkonsulta sa Commission. Ang Ethics Commission ay isang bagong karagdagan na tungkulin ayon sa Charter, na may awtorisasyon ng Measure CCC, at ito ay prioridad ng Mayor at Council. Kailangan ng dalawa o tatlong posisyon at ng kontrata mula sa labas, pero dahil sa mga paghamong piskal, isang posisyon ang nirerekomenda sa ngayon at ang trabaho ay aayusin ayon sa pangangailangan.
- I-reallocate ang \$150,000 mula sa programa ng Cannabis para suportahan ang mga serbisyong legal kaugnay sa Ethics Commission sa City Attorney's Office. Itong mga punding ito ay mapupunta sa mga pag-lagay ng tauhan sa mga buwanang meeting ng komisyon, pagbigay ng mga payong legal, at ang paghahanda ng mga opinyong legal, mga ordinansya, pagsaliksik ng mga isyu at mga gawain ng City at State ethics, ang pag-presenta ng mga naturang mga bagay sa komisyon.
- Magdagdag ng posisyong administratibo sa Health Department para makapagbigay ng mga kritikal ng grants at mga pamamahala ng tauhan, accounting, purchasing, procurement na kinakailangan para mangasiwa ng wasto ang mga bilang ng grants, lalo na ang mga na-apektohan ng pandemiko. Ang mga posisyon ay popondohan ng mga alokasyon ng porsyong administratibo ng mga iba't ibang grants.
- Magdagdag ng Assistant Administrative Analyst sa City Manager's Office para sa koordinasyon ng proseso ng pang-lungsod na California Public Records Act (PRA) at tulungan ang iba pang mga tungkuling administratibo. Alinsunod sa PRA, ang pagkuha ng impormasyon hinggil sa pamamaraan ng City of Beach is ay isang pangunahing karapatan. Ang posisyon na ito ay tutulong sa City na makamit ang obligaysong legal na gumawa ng mga records na maaring makita ng kahit sino, kapag hiniling ayon sa batas. Itong posion na ito ay tutulong din sa pagbabayad at mga pag-procure sa loob ng deparamento.
- Bawasan ang mga posisyon at mag-implementa ng pag-aayos ng Accounting Bureau sa Financial Management Department ng makapagtipid nang makapagdagdag ng Grants Officer at Administrative Analyst III sa Accounting Bureau para sa mga pangangailangang kritikal para sa oversight at kontrol sa larangan ng paguulat para sa mga proyekto at mga grants. Ang posisyon ay mangangasiwa sa accounting at mga proseso ng dokumentasyon para sa FEMA, CARES Act at iba pang mga grants na pang Estado at pederal nang ang pagbawi ng gastos ay maipantay sa mga oversight audit.

- Magdagdag ng isang Veterinarian at \$100,000 para sa medical supplies/pharmaceutical na budget sa Parks, Recreation, at Marine Department para matugonan ang mga pangangailangang medical ng mga hayop at masuportahan ang programang Compassion Saves n autos ng City Council. Ang mga aktwal na gastos ay maaaring lumampas sa halagang ito, pero ito ay isang mahalagang hakbang na maihanay ang budget sa aktwal na pangangailangan.
- Taasan ang budget para sa tubig ng \$336,400 sa Parks, Recreation at Marine Department para masakop ang 12 porsiyentong pagtaas ng preso ng tubig noong 2019 pati na rin ang inaasahang pagtaas ng 6 porsiyento sa 2020. Ito ay magpapahintulot sa departamento na panatiliin ang pag-gamit ng tubig, na menos naman sa aktwal na pangangailangan ng planta (na sa 54 porsiyento ng aktwal na kailangan ng planta) at ng magaan ang mga isyu ng kaligtasan tulad ng mga pagbagsak ng mga puno.
- Taasan ang budget ng \$100,000 para sa kontrata ng maintenance landscape sa mga median ng Public Works Department ng sapat na mapanatili ang mga kasalukuyang baitang ng maintenance.

Pang-Isang Beses na Investment na Ma-estrategiya

Ang sumusunod ay ang mga ma-estrategiyang pang-isahang beses na investment ng General Fund kasama sa pinanukalang pag-gamit ng mga reserba. Dahil sa mga mahalagang pagkukulang ang City sa FY 20 Fy 21 ay humaharap ng mga pagkukuhanan ng mga pag-isahang beses na investment na limitado at sa kasong ito, ay kinakailangan na ang City ay gumamit ng mga reserba, na mas ipapaliwanag sa seksyong Budget Balancing sa ibaba.

- Ang isang beses na pag-pondo na \$1,500,000 para sa runoff elections na inaasahan para sa Nobyembre pati na rin ang presyo ng ballot measure ng Nobyembre.
- Ang isang beses na pag-pondo na \$1,172, 500 para masuportahan ang pagsasagawa ng Redistricting ng City Manager at Clerk's Office kasama na ang mga advertising at mga gastos ng tauhan na kinakailangan para makasunod sa Measure DDD na inaprubahan ng mga botante, pati na rin ang pag suporta sa pagsagawa ng Census.
- Isang beses na pag-pondo na \$200,000 para mapondohan ang isang malalim na pag-aaral para sa Fire Department para masuri ang operasyon at matukoy ang mga plano para sa hinaharap na mga pagbabawas, pagbabago sa operasyon, at mga pag-taas ng kita nang matukoy ang mga solusyong estruktural sa Fire Department sa FY 21 at ang posibleng solusyon estruktural sa FY 22.
- Isang beses na pag-pond na \$255,000 para sa pang-lungsod na Homeless rapid response.

- Isang beses na pag-pondo na \$600,000 para madagdagan ang budget sa tubig para mga pangangailangan ng planta sa Parks, Recreation, at Marine Department para mapagaan ang mga kakulangan sa pondo ng budget na kinakailangan para maiwasan ang mga isyu ng kaligtasan ng mga pagbagsak ng mga puno.

Attachment D “General Fund Strategic One-time Investments” (Isahang Beses na Investments Para sa General Fund) mayroon ding buod.

Mga Pag-aaral na Ma-Estratehiya

Gaya ng nabanggit sa ibang seksyong ng dokumentong ito, ang City ay nag-iinvest sa mga pag-aaral na magsisimula o magapaptuloy sa FY 21 para matulungan ang City sa mga datos at impormasyon na magpapatnubay sa mga masusing pagdedesisyon at mga action para maisulong ang mga pinakamahasay na mga gawain at nang mapatatag ang paninindigang pinansyal.

- Ang komprehensibong pag-aaral sa pinakamahasay na pagsasagwa para sa operasyon ng CCPC at ang potensyal para sa ballot measure para maipatupad ang pagbabago sa kanilang mga tungkulin at awtoridad.
- Isang komprehensibong pag-aaral para sa Fire Department nang masuri ang operasyon at matukoy ang isang plano para sa mga darating na pagbabawas.
- Ipagpatuloy ang ilan beses na pag-aaral sa isang taon ng mga kabayaran na sinusuri ang mga ilang mga bayad at mga multipara sa mga serbisyo sa iba't ibang departamento ng City para matukoy ang pinaka-angkop na presyo at malubos ang pagbawin ng gastos.
- Pag-aaral ng City Energy Efficiency Savings (Pagtitipid ng Enerhiya) – suriin ang mga potensyal para sa pag-aaral gamit ang AB 32 funding para pondohan ang mga proyekto na mag-babawas ng green-house-gas at magtipid.

Police at Fire Academies at SAFER Grant

Sa FY 20, ang Police at Fire academies ay nakatakda para sa petsang Hulyo at Agosto. Dahil sa pandemiko at sa resulta ng inaasahang mga kakulangang ng budget, pinag-aralang ng staff ang mga paraan para ang mga academy ay mapatakob ng ligtas, habang kasabay ang pag-limita ng mga epekto ng mga inaasahang pagkukulang. Bilang resulta, inurong ang simula ng Police Academy sa October 2020 na may pagbabawas sa laki ng hindi lalagpas sa 40 na recruit. Inurong din ang simula ng Fire Academy sa September 2020 na may binawasan na hindi hihigit sa 24 na recruit. Bagamat may mga pagbabawas sa mga staff na nanumpa sa panukala ng FY 21 budget, ang staff ay patuloy sa pagrekomenda na maginvest ng mga pangangailanga sa operasyon na kritikal na kinakailangan ng parehong department. Inaasahan na ang mga baitang na pagbabawas

ay hindi ganun kataas kaysa sa unang akala, ito ay maaaring maglikha ng mga pagtitipid sa vacancy na magpapahintulot sa mga academies na magpatuloy ng walang karagdagang funding. Gayunpaman, kung ang pagtitipid ay hindi matutuloy, iba pang mga pang-isahang beses na mga pagkukuhanan ay kakailanganin para matukoy ang mga gastos ng academies na may pangunahing opsyon na hindi paglalaanan ng mga Revenues ng Measure A sa hinaharap. Itong situwasyon ay pag-aaralan sa FY 21 at ang anumang pag-gamit ng pang-isahang beses na pondo kasama ang Measure A na pondo ay ibabalik sa City Council para pag-aralan muli.

Ang investment sa Fire Academy ay tutulong sa paglagay ng tauhan sa mga operasyong kritikal ng Fire Department. Gayunpaman, ang mga staff na aktwal at may budget, habang nakakamit ang mga pangangailangan ng operasyon, ay hindi sapat para makamit ang mga tagubilin ng Federal Safer grant, na ibinigay noong 2019. Para makamit ang dami ng staff na tagubilin ng grant, ang City ay kailangang mangasiwa ng pangalawang academy sa FY 21, na gagasta ng karagdagang \$1.6 milyon sa pang-isahang beses na pondo na kakailanganin para matukoy at mapipigil ang pagbabawas sa Fire Department na kakailanganin para matugunan ang mga situwasyon ng pagkukulang ng estruktura. Ang pagsubok na makamit itong antas ng staffing para makuha ng grant ay walang katuturan sa pagbabudget ngayong kasalukuyang situwasyong piskal. Ang pagtanggap ng SAFER grant ay mas magastos kaysa sa matataganggap ng City, ito ay nakilalang magiging isyu kapag nag-aapply ng Grant, ngunit habang ang budget noon ay hindi tiyak at dahil ang Grant ay maaring tanggihan pagkatapos ito ibigay, naging mas maingat na nag-apply para sa Grant at umasa sa positibong situwasyon ng budget. Balak ng staff pakawalan ang pagtanggap ng SAFER grant para makaiwas sa mga mataas na gastusin at sa sobrang staff. Walang pondo na kakailanganing ibalik sa gobyerno dahil ang Ciy ay hindi pa nakakapag-plano hinggil sa SAFER grant.

ALTERNATIBONG OPSYON NG PAGBAWAS NG BUDGET

Ang laki ng pagkukulang ng budget at ang maraming mga pangangailangan ay nagresulta sa mahirap na preparasyon ng panukalang budget. Ang mga sukdulang kahirapan ng mga dapat bawasan at ano ang isasama ay hinarap ng maraming mga lungsod at gobyerno. Habang may trabaho at may serbisyo na kailangang gawin, itong budget ay nagsasalamin ng mga mahirap na desisyon at may mga kapalit na kailangang isipin para mapanatili ang mabuting piskal na kalagayan ng City at ito ay nasa landas ng estabilidad at ng paghatid ng serbisyo. Itong mga decision na ito ay ginawa batay sa pagtingin sa mga iba't ibang opsyon at pagtrabaho para mabawasan ang iba pang pagtapyas sa Public Works, Parks, Recreation at Marine, Library Services, at iba pang departamento na magkakaroon ng malubhang epekot sa kalidad ng buhay sa Long Beach.

Sa ibaba ang mga halimbawa ng mga pagbabawasn ng serbisyo na pinag-iisipan pero hindi nakasama sa kasulukayang panukalang budget. Gaya ng na-ipangako sa proseso ng budget, ito ay binibigay para maipakita sa City Council ang iba pang opsyon na naisip at makapag palinaw sa mga mahirap na desisyon na kinailangang pag-aralan noong

binubuo ang panukalang FY 21 budget. Itong mga opsyon ay nagbibigay nga ideya sa kalakihan ng iba't ibang maaaring maging pagbabawas at ang nga konektadong pagtitipid.

- **Tanggalin ang Paramedic Rescue** – Ito ay magreresulta sa mababang dami ng pang araw-araw na tauhan at dadami ang trabaho sa mga kapaligirang pagrescue, habang hahantong ito sa isang pagtagal sa pagtugon sa mga medical emergencies sa buong lungsod. Anim na posisyong may budget ay tatanggalin na may pagtitipid na halos \$1.4 milyon.
- **Paliitin ang Paramedic Rescue sa Peak Load Staffing** – Ito ay magpapahintulot sa Rescue na mapatakbo sa mga oras ng mga pinaka maraming tawag, kadalasay sa araw. Anim na posisyong may budget ay tatanggalin ay papalitan ng mga call bac overtime hours na kinakailangan para mapatakbo ang Rescue ng 12 oras bawat araw. Iiwanan nito ang lugar na walang serbisyo sa oras ng gabi mula 8 pm hanggang 8 am, na magreresulta sa mapapatagal na pagsagot sa mga medical incidents sa lugar at sa lungsod. Aabot sa \$881,000 ang pagtitipid.
- **Eliminasyon ng Engine 17 ng mas maaga ng isang taon** – Ngayon, ang Measure A Plan ay nagtabi ng pondo para sa dalawang taon ng pagpatakbo ng Engine 17 batay sa over-time. Ang FY 21 ang ikalawang pagpondo. Kung ang Engine 17 ay aalisin sa FY 21, \$2.4 milyon ng Measure A na pondo ay mailalabas bilang pang-isang beses na pagkukuhanan. Mawawalan ng pagtitipid dahil sa ang Engine 17 ay kasalukuyang pinpondohan ng pang-isang beses lamang.
- **Eliminasyon ng Engine** – Ito ay magreresulta sa pinaliit na staff at pinaraming trabaho para mapaligiran ang engine at mga kompanya ng truck, habang ito ay hahantong din sa mas matagal na oras sa pagtugon sa sunog at mga medical emergencies sa buong lungsod. 12 posison na may budget ay tatanggalin na makakatipid ng halos \$3 milyon.
- **Tanggalin ang Programa ng South Division Pine Police Overtime** – Ang Police Department ay may budget na \$725,000 para sa karagdang patrol units sa Downtown Entertainment District na lalo na sa Pine Avenue. Ang pondo ay sumosuporta ng halos 8,000 oras ng overtime. Pagtanggap nito ay katumbas na apat na Police Officers na may pagtitipid na halos \$725,000.
- **Paliitin ang Gang Enforcement Unit** – Ang Police Department ay nagpapatakbo ng Gang Enforcement Unit para tumugo, magimbestiga, mag-aresto at kasuhan ng mga aktibidad criminal kaugnay sa gang activity. Itong unit na ito ay may budget ng 16 nanumpang position. Anumang pagbawas sa unit na ito ay makakaapekto sa mga staff na sumumpa na maaaring tumogon sa on-call basis para sa mga barilan, saksakan at iba pang biyolenteng krimen. Bawat bawas ng posisyon ay makakatipid ng halos \$233,000.

- **Tanggapin ang Quality of Life Program** – Tanggalin ang apat na posisyon na Police Officer na itinalaga sa Quality of Life Program at isa pang position na hinihiling na gawing position ng QOL sergeant. Mayroong apat na police officers na pinondohan ng Measure MA at Measure A para magsagawa ng quality of life outreach at pagpapatupad ng mga serbisyo sa mga taong dumaranas ng homelessness. Itong mga aktibidad na ito ay kinakailangan na hawakan ng ibang mga departamento. Ang mga karaniwang call-for-service na mga pulis ay magsisilbing position kung kailangang ng serbisyo ng enforcement. Limang posisyon na may budget ang tatanggalin na may pagtitipid na halos \$956,000.
- **Pagbawas ng pondo para sa Animal Care Services** – Ang eliminasyon ng Animal Services Operations Supervisor ay magtatanggal ng isa o dalawang supervisor sa Animal Care Services, at ang natitirang supervisor ay kakailanganin na mangasiwa ng parahong Field Services Operations at Shelter Operations. Ang eliminasyon ng tatlong Animal Control Officers ay maaapektuhan ang trabaho at sakop ng dispatch, field, imbestigasyon at opisina. Apat na may budget na posisyon ay tatanggalin na may pagtitipid na halos \$296,000.
- **Bawasan ang pondo para sa mga paglinis ng encampment at outreach sa mga taong dumaranas ng pagka-homeless.** – Tatanggalin nito ang abilidad ng Health Department na tumugon sa paglilinis ng mga kinatatayuan ng mga homeless at maaaring makaapekto ng hindi tamang kalusugan ng publiko at pati na rin sa mga taong dumaranas ng pagka-homeless. At saka mababawasan din ang outreach incentives tulad ng mga pagkain, gamit panglinis, at iba pang mga pangangailangan, na magresulta sa pagbawas sa bilang ng mga taong humihingi ng serbisyo sa Multi-Service Center. Ang City rin ay hindi maaaring makapag-pondo ng taunang, iniutos na point in time (PIT) pagbilang ng homeless, at ito ay maglilimita sa City sa pagkuha ng sapat na mga boluntaryo na makapagbibilang ng mahusay. Ito ay maaaring humantong sa isang hindi maayos na representasyon ng datos, at sa huli ay isang pagbawas ng pondo ng homeless grant para sa city. Itong pagbawas ay mayroong pagtitipid na \$80,000.
- **Tanggapin ang serbisyo para sa mga disabled at mga nasa-bahay na mga patron at mga serbisyo ng boluntaryo sa Main Library** – Kasama sa pagbawas na ito ang Center for Adaptive Technology at mga programa ng mga boluntaryo. May mawawalang mga oras ng boluntaryo at ang aklatan ay hihinto sa pagiging imbakan ng mga publikasyon ng gobierno. 0.65 na posisyong may budget ay tatanggalin para makatipid ng \$215,000
- **Isara lahat ng branch libraries maliban sa Main, Obama, at Mark Twain** – Ang tatlong natitirang mga aklatan ay magiging pangunahing mga aklatan na mayroong mga pinahusay na serbisyo, bukas pitong araw sa isang lingo. Halos 17 posisyong may budget ay tatanggalin na may pagtitipid na halos \$1.7 milyon.

- **Isara ang apat branch libraries** – Ang posibleng pag-sara ng apat na maliliit na aklatan. Halos 18 posisyong may budget ang matatanggal na may pagtitipid na \$1.7 milyon.
- **Eliminasyon ng ilang programa ng Parks tulad ng Be SAFE structural funding, pograma ng summer swim at ang adaptive program ng Sterarns Park** – Ang pagbawas ng \$80,000 sa pondo para sa Be SAFE na ininilagay noong 2017 ay maglalagay sa program ana umasa sa isang beses na taunang pag-pondo. Kung walang pang-isahang beses na pag-pondo ay maaaring mag-resulta sa pagbawas o eliminasyon ng buong programa. Ang eliminasyon ng summer swim sa Jordan at Milikan School Pools ay kasama ang swimming lesson, at mga languyan. Noong nakaraang summer ang kadalasang mga gumagamit ay 178 katao. 0.97 na posisyong may budget ay matatanggal na makakatipid ng \$38,000. Ang eliminasyon ng Adaptive Recreation program para sa mga kabataan at mga adulto na may mga high functioning disabilities ay makakaapekto sa mga kasali sa programa na binibigyan ng serbisyo para sa musika, sining, pag-papahusay sa sports at ang pag-enjoy sa interaksyon sa komunidad. Noong FY 19, ang programa ay nagsilibi sa 6,000 mga kasali sa mga aktibidad, at ang Long Beach ay isa sa mga ilang lungsod na nag-aalok ng ingetegrasyong pangsosyal para sa mga inbidwal na may kapansanan. Dalawang posisyon na may budget ang tatanggalin na makakatipid ng halos \$105,000. Lahat lahat, itong mga bagay na ito ay makakatipid ng halos \$223,000.
- **Bawasan pa ang mga Posision ng Financial Management** – Mag-bawas pa ng ilan pang mga posisyon ng higit pang mapapaliit ang kapasidad ng basic accounting at customer service. Ito ay magresulta sa isang malaki at delikadong pagbawas sa kontrol at financial oversight, makakaapekto sa basic analysis at maaring makakuha ng pagkikitaan. Mga pagbawas na di gagawin ay ang mga posisyon ng project at grant accounting na maaring magkaroon ng mga problema sa mga pagsubaybay ng mga proyekto at nang kanilang mga kaugnay na mga grant at maaaring magresulta na mangailangang ang City na ibalik ang mga pondo sa mga ahensiyang nagbigay nito (Prop A, Prop C, at iba pa). Ang Department of Financial Management ay mayroong pinakamalaking pagbabawas ngayong taon, nakapagtipid ng \$1.3 milyon sa General Fund. Ang kakayahan na magsagawa ng mga gawaing pang administratibong pinanasyal at serbisyo sa kostomer ay naging apektado na ng bahagya; itong mga karagadagang pagbabawas ay sadyang makakaapekto pasa mga pinansyal na kontrol at mga kalidad at ang nasa oras nap ag-uulat ang customer service.
- **Bawasan ang Graffiti Program** – Bawasan ang limang at gawing tatlo grupo na kinontrata para bawasan ang paglaganap ang mga graffiti sa lungsod. Ang natitira ay magsasagawa ng serbisyo arawaraw at magpaptuloy ang isa sa weekend. Ang bawat grupo ay karaniwang nakakapagbawas ng grafitti sa 13,200 na mga sityo taon taon. Ang pagtugon ay tatagal ng 1-2 araw hanggang 3-5+ (95 porsiyento ng panahon) Halos 26,400 mga sityo ang mabawasan ng grafitti. Ito ay makaktipid ng halos \$350,000.

- **Bawasan ang Kontrata ng Pagtabas ng mga Puno** – Bawasan ang budget na ginagasta sa contractor ng mga puno sa halangang 50 porsiyento. Ang pagbawas ng budget sap uno ay magbaba sa dami ng punong tinatabas ng contractor taon taon mula 15,000 hanggang 7,500. Ang pagbawas na ito ay aabot hanggang sa tatlong cycle ng pagtabas mula anim hanggang 12 taon. Ang pagpapahaba ng cycle ng pagtabas ay magpapadami ng mga emergency call-outs. Dadami din ang bilang ng clearance trims para sa kaligtasan sa kalye, visibility ng traffic sign at mga daanan ng mga sasakyan at ng mga tao. Ang pagbawas ng mga pagtabas ng puno ay maaaring dumami ang mga liability claims na ifi-file sa City Clerk na ibibigay din naman sa huli. Makakatipid ito ng halos \$500,000.
- **Bawasan pag-ayos ng kalye/pothole** – Bawasan ang bilang ng mga pangkat na nag-aasikaso ng mga pothole mula 4 gawing 2. Sa ngayon ang mga potholes ay inaayos mula 18-30 arawa pagkatapos ipaalam, mas mabilis kung sa mga kalyeng arterial na may mga problema sa kaligtasan. Kung ang bilang ng pangkat ay gawing dalawa, may halos 65 porsiyento na pagbabawas sa mga dami ng potholes na maaayos. Sa ngayon ang karaniwang bilang ng mga potholes na naaayos ay 30,000 at maaaring mabawasan at maging halos 10,500 bawat taon. Mababawasan ang kakayan ng mga pangkat na mag-ayos dahil dahil ang mga pangkat ay kailangang sakupin ang mas malaking teritoryo para matugunan ang mga request ng City Council at residente at ang mga problema ng kaligtasan. Ang oras ng pagtugon ay aabot sa 70 days o mas mahigit pa at dadami ang backlog ng mga pothole. Ang backlog ng Street Operations ay may halos 9,000 na request. Ang mga posisyon na ito ay sumusuporta rin sa mga pagtugon ng emergency, special events, pagpigil sa pagdami ng mga damuhan at ang mga request ng mga residente. Walong posisyon na may budget ang matatanggal na makakatipid ng halos \$485,000.
- **Bawasan ang pondo ng Park Maintenance.** Bawasan ang ilang pondo ng park maintenance tulad ng mga serbisyong kontraktwal para sa mga maintenance ng pasilidad kaugnay sa repairs sa Parks, Recreation and Marine Development. Ang 60 porsiyentong pagbawas ng budget na ito ay makapagpipigil sa abilidad ng departamento na matugunan ang mga pangangailangan kaugnay sa bubong, semento, pothole, pagsemento ng mga playground, pag-ayos ng skate park, at inspeksyon at repair ng fire alarm. Itong pagbawas na ito ay baka magdulot ng hindi ligtas na mga park at mga pasilidad, pati na rin ang hindi pagpapatuloy ng maintenance na maaaring lalong maging magastos. Ito ay makakatipid na halos \$90,000. Sia pang halimbawa ay ang pag pagbawas ng pondo sa pagpalit ng mga equipment sa playground. Patuloy ang City sap ag-papaayos at paglagay ng mga bagong playground sa pamamagitan ng pondo ng Measure A. Maraming mga elemento ay hindi tumatatagal gawa ng pagakaluma at madalas na pag-gamit at hindi sakop ng warranty ng manufacturer. Kapag naubos ang natitirang budget, isasara ng staff at tatanggalin ang mga sirang slides at iba pang mga equipment, aalisin para hindi na magamit ang equipment. Ito ay makakatipid ng \$75,000.

- **Bawasan ang budge sa Facilities Division para sa carpentry, pagpinta, plubing, mga materyales ng paggawa, maliliit na tools, equipment at mga pang-welding.** – Ang pagbawas sa carpentry ay makakabawas sa kakayahan na takpan ang mga sirang bintana, pintuan, pag sara ng mga gusali at pag-ayos ng mga bakod at bangko. Hindi maaaring magawa ng staff na ligtas ang mga lugar na ito at magiging mapanganib ang parks sa mga vandalism, pagnanakaw at iba pang mga ilegal na aktibidad. Ang pagbawas sap ag-pinta ay hahantong sa mga hindi ligtas na korte ng sports gawa ng mga biyak at mga pag-agnas at magpapatuloy na mabulok at lalaki ang gastusin. Mga pagbawas sa electrical ay hindi magpapahintulot sa pag-gamit ng maliwanag ngunit matipid na mga ilaw. Pagbawas sa plumbing ay magresulta sa mas kaunting mga drinking fountains, toilets at mga lababo dahil ang mga luma ay kinakalawang o may sira sa mga parks at centers ay tinanggal na. Makakatipid ito ng halos \$131,000.
- **Bawasan ang kontrata ng mga pumps at lake permits** – Bawasan ang budget sa Grounds Division para sa mga serbisyong kontraktwal ng 46 porsiyento kaugnay sa mga pumps, lake permits, maintenance ng mga sensitibong mga lugar ng kalikasan, pagsunod sa management at mga biological surveys. Itong pondog ito ay magsisilbi para makadagdag sa mga pagkukulang sa mga may budget na kinontratang serbisyo. Isang halimbawa ay makikita sa structural funding para sa pagayos ng pump na \$25,000 bawat taon. Dahil sa mga kalumaan ng equipment, ang pangangailangan ng pondo ay malalampasan ang budget. Liliitan ng pagbawas na ito ang kakayahan sa pag-ayos ng mga pump at ang pag-apply sa California Department of Fish and Wildlife at Waterboard permit. Ito ay makatipid ng halos \$100,000.
- **Taasan ang mga Multa ng mga Citation ng Parking** – Taasan ang mga citation ng parking ng \$5. Isang naunang tantya ng karagdagan kita ay mahigit sa \$900,000. Habang ito ay hindi naman talaga pagbawas, sinasalamon nito epekto ng gastos sa komunidad at magiging malaking pabigat sa mga residente na naapektohan na ng pandemiko.

MGA PANGANGAILANGAN NG OPERASON NA WALANG PONDO

Walang budget na makakatugon sa mga pangangailangan o mga serbisyo na hinihiling ng mga constituents at mga negosyo sa City. Ang pinopondohan ay laging limitado sa anumang mga handing mga resources, ang dami ng resources na gusting ibigay ng mga botante, at i-laan sa mga serbisyo ng budget. Itong taon ng budget na may pandemiko, ang pangangailangan na tugunan ang racial equity at reconciliation, at ang mga malaking mga pagkukulang ng budget ay naging napakahirap asikasuhin.

May mga natitirang mga pangangailangan ng operasyon na walang pondo o kulang sa pondo, kasama na ang pondo para sa mga priority initiatives na hiniling ng City Council. Ito uli, ay nagsasalamon ng kahirapan sa mga napiling gawin at mga kapalit na kailangang isipin kapag tinutugunan ang mga pangangailangan ng komunidad, City, at tugunan ang

malaking pagkukulang. Listahan sa ibaba ang mga halimbawa ng mga kulang sa pondong mga proyekto at pangangailangan.

- **Epekto ng pag-gamit ng alternatibong weed control sa mga City parks** – Noong Agosto 2018, ang City Council ay sumulong sa rekomendasyon ng pagpahinto ng glysohate (Round-up), isang herbicide, at magbuo ng mas sustainable na weed control na mga estratehiya. Simula noon, ang mga estratehiya ay ang pakita ng mga alternatibong herbicides na hindi masyadong mabisa (mas madalas na aplikasyon at mahinang vegetative control) at mas mahal bawat pag-gamit. Para makamit ang horticultural standard na binatay ng kontrata ng landscape/grounds maintenance ng City, karagdagang pagtrabho at mas maraming materyales ang kailangan para matapos kung ano ang dating ginagawa ng glyphosate. Ang dagdag na gastos ay mahigit \$480,000. Hindi masusuportahan ng panukalang budget ang karagdagang gastos at ang gastos ay hinid aakuin ng parks maintenance at ito ay malamang magresulta sa mas maraming weeds, pati sa mga banketa at mga mababang antas ng pangkalahatang maintenance ng mga parks.
- **Karagdagang Animal Care control medical costs** – kasama sa pinanukalang budget ang dagdag na \$300,000 para sa isang Veterinarian at pondo para sa material para masuportahan ang programang “Compassion Saves.” Gayunpaman, ang funding ay kinakailangan para masuportahan ng buong buo ang mga tagubilin para mataasan ang bilang ng mga hayop na naspayed o neutered sa 3,000 bawat taon at ng masakop ang mga tumataas na gastos ng medical supplies at mga gamot, aabot ito ng karagdagang \$400,000.
- **Structural Funding ng Engine 17** – Ang Engine ay pinopondohan ayon sa Measure A na pondo inaprubahan ng FY 20. Ito ay pinondohan gamit ang pondo ng Measure A ng dalawang taon at Fy 21 ang pangalawa at huling taon ng pag-pondo. Inaasahan na kapag may SAFER grant na pederal, kasama ng karagadagang \$2 hanggang \$2.5 milyon, ang engine ay maaring pondohan hanggang FY 23. Gayunpaman, simula pa ng orihinal na aplikasyon ng SAFER, naging malinaw na ang gastusin para sa tauhan ay hindi makabuluhan sa kasalukuyang kaganapan – ang pagkuha ng SAFER grant ay magiging mas magastos kaysa sa kung ano man ang matitipid ng City. Intensyon ng staff na pakawalan na lang ang SAFER grant sa ganung dahilan, at Engine 17 ay mananatiling walang pondo lampas ng FY 21, maliban na lang kung may mga funds na makita sa mga hinaharap na budget.
- **Gastos ng Armory Maintenance** – Pondo para sa maintenance kaugnay sa Armory ay sa ngayon kulang. Responsible and Economic Development Department sa sityong ito at nangangailangan ng pondo para sa security, utilities, landscaping at mga pangkalahatang pangangalaga ng property. Kailangang ng halos \$340,000 para maiwasan ang hindi pag-ayos ng asset na ito at para masegurado na ang sityo ay hind maging atraksyon ng mga namemerwisyo. Ang

Departamento ay naghahanap ng mga alternatibong solusyon at ito ay babalikan sa taong ito.

- **Fireworks enforcement taskforce** – Itong taon na ito, Ang Long Beach, kasama ang ibang mga lungsod, ay nakita ang pag-taas ng pag-gamit ng mga fireworks na illegal. Nagresulta sa sa pag-utos ng City na lumikha ng Explosives and Fireworks Action Plan para matugunan ang mga ilegal na paggamit ng fireworks at mga paputok sa Long Beach. Itong aksyon na ito ay mangangailangan ng karagdagang tao sa mga departamento para sa edukasyon at pag-enforce at teknolohiya na tinatantya sa presyong \$500,000.
- **Karagdagang Suporta sa Ethics Commission** – Noong Nobyembre 2018, inaprubahan ng mga botante ng Long Beach and Measure CC, na lumikha sa City Charter ng Ethics Commission para sa dahilan ng pag-monitor, pangasiwa at pagpatupad ng mga governmental ethics ng City. Ang komisyon ay itinaguyod ng walang budget na pormal. Nagbigay ang bagong City Auditor ng mga rekomendasyon na malamang mangailangan ng tatlong full-time na staff, suporta mula sa City Attorney at posibleng taga-labas na abogado, at ang budget para training, para sa buong implementasyon. Itong panukalang budget ay nagdagdag ng isang posisyon sa City Manager’s Office at nagre-allocate ng \$150,000 mula sa City Attorney’s Office para suportahan ang komisyon pero ang buong implementasyon ay mananatiling kulang sa pondo.
- Karagdagan para sa buong taon, hinihiling ng City Council ang staff na magreport muli o magbigay ng impormasyon sa mga ilang proyekto na posibleng maisapatupad. Maraming mga proyekto at mga priyoridad ay walang buong pondo. Tignan ang listahan sa ibaba para sa mga halimbawa ng malalaking proyekto na hiniling ng City Council pero nanatiling wala pondo. Para sa mga karagdagan impormasyon, tignan ang To/From/For na mga memos ng City Manager sa Mayor at City Council sa taong FY 20:
 - Everyone in Implementation (Lahat sa Implementasyon)
 - Pondo ng Long Beach Justice
 - Karagdagang Implementasyon ng Compassion Saves
 - Implementasyon ng Safe Streets action plan
 - Implementasyon ng Youth Strategic Plan
 - Implementasyon ng Street Performer Study
 - Implementasyon ng Red Curb Study
 - Implementasyon ng North Long Beach Higher Education Center
 - Kontrata ng lahat ng serbisyo ng seguridad
 - Plano ng on-call storage para sa mga serbisyo ng homeless
 - Pondo para sa konstruksyon ng African American History Museum
 - Implementasyon ng Land Use Element
 - Implementasyon ng Long Beach One Card
 - Banko ng Publiko

MGA LIABILITY NA WALANG PONDO

Karagdagan sa mga walang pondo at kulang sa pondo na mga pangangailangan ng operasyon na naipaliwanag sa seksyon sa itaas, may mga natitirang importanteng mga panandaliang at pang matagalang mga liabilities na ang karamihan nito ay matagal ng nasa plano. Sa ilalim ang listahan ng mga halimbawa (hindi ito ang kompletong listahan) ng mga liabilities:

- **Estruktural na Pagbalanse ng Budget** – Gaya ng pagpaliwanag sa mensahe ng City Manager, itong budget ay binalanse sa pag-gamit ng kombinasyon ng estruktural na (permanente) pagbabawas at mga pagpapalago ng kita, kasama ang isang beses na pagpondo na \$14 milyon, karamihan ay galing sa mga furloughs. Ito ay magdadag ng \$14 milyon sa mga estruktural na solusyon na kailangan para malutas sa FY 22 dagdag pa sa mga inaasahang pagkukulang sa FY 22. Ang balak ay makahanap ng mga estruktural na pagbabawas, paglago ng kinikita at mga adjustments na kinakailangan para ma balance ang budget sa FY 22, o kung hindi man sa FY 3. Tignan ang mga komento sa ibaba sa Future Outlook at mga Plano para sa iba pang mga detalye.
- **Mga malaking infrastructure maintenance at mga pagpapahusay ng mga pasilidad** – Sa mga pangangailangan ng infrastructure, ang City ay nagsagawa ng pag-aaral para makatiyak sa antas ng pondo na kailangan para sap ag-aayos o pagpanatili ng infrastructure. Pagsuri ng sidewalk, kalsada, kondisyon ng kalye, at mga pag-aaral ng mga eskinita ay nakompleto kamakailan at mga kondisyon ng pasilidad ay kasalukuyang isinasagawa.
- **Pagsunod sa Sidewalk ADA**– Ang city ay sumangayon sa isang consent decree para sa mga importanteng gastusin sa mga susunod na taon para masegurado ang pagsunod sa ADA para sa mga sidewalks. Ito ay ilalagay sa Sidewalk Management Plan (sa ibaba). Ang pagkakaiba ay ang gastos ng ADA ay dapat independyente sa pinansyal na kondisyon ng City. Maaaring kontrolin ng City ang tiyempo, pero pag-iingat ay kailangan para hind maging pasan ng mga residente ang gastusin sa hinaharap.
- **Plano ng Sidewalk Management** – Kakokompleto lang ng City ang isang kompletong pagsusuri ng sidewalk infrastructure ng City. Napag-alaman ng planong ito na kailangan ng mahigit \$631 milyon (kasama ang ADA curb ramps) para sa investment ng sidewalk ng mga City.
- **Tree Trimming Cycles** – Ang programa ng management ng mga pagputol ng puno ay para lamang sa emergency trimming para sa kaligtasan, karamihan ay sa mga paligid ng mga gusali at mga playground. Ang batayan ng pag-aalaga ng mga puno ay nangangahulugan na ang regular na pagputol ay magpapahaba sa buhay at kaligtasan ng panlungsod na kagubatan. Ang taunang pagtaas na \$560,000 sa pondo ay kailangan para masuportahan ang limang taong trimming cycle para mapanatili ang kalusugan ng mga kapunuan sa mga City parks. Ang tree trimming

ay nasa 6 na taong cycle. Ang 5 taong cycle ay mangangailangan ng karagatang \$350,000 bawat taon.

- **Pangangailangan Para Sa Tubig Pang Halaman** – Ang pinanukalang budget ay naglalaman ng pagpapahusay na magdadagdag sa budget ng tubig para masakop ang pagtaas ng presyo ng tubig. Sa pagtaas na ito, ang budget ay mananatili sa 54 porsiyenot na aktwal na pangangailangan. Humigit kumulang sa \$1.5-\$2 milyong karagdagan pagpondo ay kakailanganin para matugunan ang mga pangangailanga ng tubig at mga isyu ng kaligtasan, tulad ng mga pagbagsak ng mga puno sa lunsod.
- **Self-insurance funding at General Liability** – Ang General Liability at Workers Compensation self-insurance na pondo ay nangangailangan ng pondo para makamit ang mga actuarial estimates. Lalo na ang General Liability Fund na nangangailangan ng mga adjustment. Isang malaking adjustment sa General Liability ay kasama sa FY 21 budget, pero hind malinaw kung ang adjustment ay sapat o hindi. Marami pang analysis sa parehong pondo ay kailangan gawin sa FY 22.
- **Pondo sa Gastos ng oil well abandonment** – Kumikita ang City sa mga oil wells. Bilang resulta nito, sa ilalim ng batas ng Estado, ang city ay may magalang na responsibilidad na maseguro na lahat ng oil wells na nasa hurisdiksyon ay inabandona ng maayos pag ito ay natapos na; yan ang taunang gastusin nang pagpapatakbo ng oil wells at ang pagkakaroon ng kinikita mula sa mga oil wells. Sa ngayon, ang taunang gastusin sa paglikha ng mga kinakailangan oil abandonment reserves ay \$5.1 milyon para sa Tideland Funds at ang \$1.3 milyon para sa Upland Oil Fund. Dahil sa malalim na pagbaba ng presyo ng langis at ang epekto nito sa mga net oil revenues, ang kamalasang rekomendasyon ay ang di pagbayad sa oil abandonment reserves para sa FY 20 at FY 21 at ang posibleng bahagi lamang sa FY 22. Itong gawaing ito ay nakakatulong sa pangangalaga ng operacion sa Tidelands at sa General funds ngunit itinutulak ang mga gastusin sa mga budget at sa mga residente sa hinaharap.
- **Pensyon at iba pang mga benepisyong ng post-employment** – Mga pangmatagalan na mga liabilities ng pensyon ay isang mahalagan isyu. Ang epekto ng pandemikosa mga investment returns ay inaasahang magkakaroon ng negatibong epekto sa mga pangangailangan ng pensyon, pero ang buong epekto ay hindi alam at malapit na sinusubaybayan.
- **Implementasyon ng Climate Action at Adaptation Plan (CAAP)** – Ang konklusyon ng CAAP ay ang araw araw na pagbaha gawa ng pagtaas ng tubig sa dagat ay maaaring gumasta ang City ng karagdagan \$26 milyon sa kapinsalaan sa mga infrastructure ng transportasyon taon taon hanggang 2030. Iba pang aspeto ng climate change ay makakasanhi din ng mga kapinsalaan. Tinutukoy ng CAAP ang mga hakbang na maaring gawin ng City ngunit ang kabuuang gastusin ay masyadong mataas at hindi mapopondohan.

- Paghahanda para sa 2028 Olympics** – Nangako ang City sa 8 importanteng investments sa infrastructure para sa papel nito sap ag-host ng Olympics sa 2028. Iginawad sa City ang mga sumusunod na sports; Handball, Triathlon (Olympic at Paralympic), Marathon Swimming, BMX Racing, Water Polo at Sailing. Ang walong proyekto (at ang unang mga tantyang gastos) ay ang mga sumusunod – Belmont/Veterans Rebuild (Pondo ng City - \$25 milyong gap) Belmont Pool (Pondo ng city, \$20 milyong gap); Lifeguard Towers (Pondo ng City, \$1.5 milyong gap); Beach Concession Stands (Pondo ng City – kasalukuyang ginagawa); Pagpapaayos ng Arena (Pondo ng City at Pribado, \$50 milyong gap); Pine & Ocean Hotel (Pribado na may city tax incentives na tulong); Pagpapaganda ng Airport (Pondo ng Airport, hindi pa alam ang katayuan); Pagpapahusay ng Metro Blue Line (Pondo ng Metro at City; nakompleto noong 2019). Mayroon din na inaasahang isang beses na pagkawala ng kita mula sa Olympics na dapat mapondohan muna. Mga reserba na maaaring gamitin sa Olympics ay maaaring magamit sa mga susunod na taon para matugunan ang kasalukuyang krisis pinansyal at budget.

PAG-BALANSE NG BUDGET AT ANG HINANAHARAP NA PANANAW

General Fund

Para sa susunod na FY 21, nakitang magkakaroon ng \$30 milyong shortfall sa General Fund ang lungsod. Ito na ang pinakamalaking shortfall na kailangang resolbahin ng lungsod sa mga nakalipas na taon. Sinolusyunan ito sa budget sa pamamagitan ng kombinasyon ng structural solutions (\$16.6 milyon) at one-time funding strategies (\$13.9 milyon). Dahil hindi tiyak ang magiging estado ng ekonomiya sa hinaharap, at iniwasan din ang pagbabawas ng serbisyo para makatipid, naisip na ang pag-gamit ng one-time funds ang pinakamainam na istrategiya pasa maisaayos ang pondo para sa FY 21. Ito ang unang hakbang sa multi-year na proseso para sap ag-aaral at pag bigay ng prioridad sa mga serbisyo ng City at ang paglikha ng oras at ng lugar na gawin ito sa maalalahaning paraan.

Nakatipid man ang mga city departments nang \$16.3 milyon dahil sa reductions, revenues, reallocations, at enhancements, hindi naman magagamit ang \$1.9 milyon dito para sa FY 21 dahil sa delays. Ang iba kasing reductions ay kailangan pa ng Prop L study bago maisagawa. Sa ilalim ng Charter, ang Prop L study ay isang rekisitong pag-aaral na dapat isagawa bago mag-alis ng piling proyekto. Ilan pa sa pinagkuhanan ng pera ay ang pagdagdag ng cannabis business license tax at pagtitipid sa internal service departments (i.e. Technology and Innovation Department at Fleet Services Bureau) na nakapag-generate ng mababang charges sa General Fund, na aabot sa \$2.2 milyon. Humihingi rin ng tulong ang lungsod sa mga employee labor groups na kung maaari ay magpatupad ng furloughs at ibang paraan para makapag-generate ng \$11 milyon para sa General Fund. Inirerekomenda din ng lungsod ang pag-gamit sa \$2.9 milyon sa reserves para mabalanse ang budget.

Sa budget ay naglaan din para sa critical strategic one-time investments tulad ng redistricting at homelessness rapid response. Dahil wala nang inaasahang sosobra pa sa budget sa katapusan ng FY 20, kailangan nang humugot ng \$3.3 milyon mula sa reserves para sa mga proyektong ito.

Sumatutal, para mabalanse ang budget ay kailangang kumuha ng \$6.1 million mula sa reserves. Sa ngayon ay mayroong \$13.5 milyon (kasama ang \$1.7 milyong Measure B Budget Stabilization Reserve) na operating reserve ang lungsod at ang Emergency Reserve naman ay may \$45.5 milyon. Inaasahang kailangan kumuha mula sa reserves na ito para maramedyuhan ang pagkukulang para sa FY 20 kaya hindi na rin matiyak kung magkano ang maiiwan sa pagsisimula ng FY 21. Gayunpaman, ang paggasta sa reserves ay gagawin lamang dahil sa tindi ng epekto ng pandemiko sa ekonomiya.

Sa Table 1 makikita ang General Fund budget outlook sa susunod na 4 na taon, kung saan kasama nang kinuwenta ang epekto ng pandemiko sa revenues at inaasahang pagtaas ng cost of living wage ng mga empleyado, na maaaring baguhin depende sa negosasyon. Dito makikita ang pagsubok na kinakaharap ng City kaya marapat lang na planuhing maigi ng City Manager at staff ang istratehiya para maagapan ang krisis.

Table 1: General Fund Surplus / (Shortfall) in \$ Millions*					
	FY 21 Proposed	FY 22 Projection	FY 23 Projection	FY 24 Projection	Total
Surplus/(Shortfall)	-	(32)	(23)	(22)	(76)

* This chart assumes that any shortfalls are structurally solved each year.
** FY 22 figures include approximately \$14 million shortfall from FY 21 that was balanced with one-times

Bilang mga proyeksyon lang ito, hindi malabong mabago ito sa paglitaw ng mga bagong impormasyon, lalo na ngayong may pandemiko kung kailan walang kasiguraduhan ang mga bagay. Maaaring magkaroon ng Federal o/at state support na makatutulong sa lungsod. Ang outlook na ito ay hindi pa isinasaalang-alang ang puwedeng matanggap na relief packages kaya't imo-monitor itong maigi para maamyendahan ang budget.

Ang Executive Summary chapter ay ipapaliwanag ang budget balancing strategies at ipapakita rin dito ang revenue, expense drivers at trends sa General Fund.

Special Advertising and Promotions Fund

Ang Special Advertising and Promotions Fund Group (SAP) ay labis na tinamaan ng pandemiko, lalo't ang pangunahing pinagkukuhanan ng pondo na Transient Occupancy Tax (TOT) ay bumaba ang koleksyon kasabay ng shut-down at pagbagal ng tourism industry. Ang TOT revenue kasi ay itinuturing na masumpungin at, batay na rin sa mga nakalipas na insidente, ay nahihirapan itong makabangon sa maraming taon tuwing may krisis sa industriya. Ngayong pandemiko, kasalukuyang nakararananas ng ganitong krisis

ang City. Sa projections, ang pondo na \$5.5 milyon sa pagsisimula ng FY 20 ay posibleng sumadsad sa negative \$500,000 kapag walang ginawang hakbang para masagip ito. Mangangailangan na galawin ang \$5.2 milyong operating reserve para maitawid ang taong ito. Dahil sa pandemiko, mabagal din ang inaasahang pagbawi at pag-laki para sa FY 21 at FY 22, dahilan para numipis ang mga natitirang operating reserves. Para masolusyunan ang sitwasyon ng SAP, tinitingnan kung maaaring i-defund ang ilang one time projects ngayong FY 20 para makatipid. Ang bawat rekomendasyon ay isasangguni pa sa City Council. Ang panukalang Budget FY 21 ang mayroon ding mga \$850,000 sa mga pagbawas na kinakailangan para mapaliit ang mga gastusin sa panahon ng paghina at malamang makaroon ng mga ilang pang pagbabawas sa mga susunod pang taon. Kahit na may mga malaking pagbabawas sa budget sa mga susunod na taon, ang mga projections ay aasa ng isang mabilis na pagbawas sa pondo na at kailangang ma-monitor ng City ang sitwasyon ang malubos ang anumang oportunidad na makatipid o magpreserba ng pondo.

Tidelands Operating Fund

Matindi ang naging epekto ng pandemiko sa Tidelands Fund dahil sa pagsadsad ng oil revenues nitong FY 20. Sa pambihirang pagkakataon, nagnegatibo pa ang presyo ng langis nang isang araw. Kahit pa ang inaasahang presyo ng langis ay \$35 per barrel sa FY 21, mas mababa pa rin nang 30 porsiyento ang tinatayang revenue kung ikukumpara ngayong taon. Bukod pa dito, posibleng humugot na ng pambayad sa utang mula sa Tidelands Operating Fund dahil ang mga karaniwang pinagkukuhanan ng pondo noon gaya ng Aquarium and Passenger Fees mula Carnival Cruise Lines ay apektado na rin dahil sa pandemiko. Ang pansamantalang pagsasara din ng Convention Center ay nagresulta sa pagkalugi nang \$5 milyon ngayong FY 20 at inaasahang \$2.5 milyon pa sa paparating na FY 21. Dahil dito ay naghahanap na ng paraan ang mga staff para makatipid at maagapan ang pagkalugi. Kahit pa may \$2.8 milyon inaasahang matitipid sa mga hakbang na ito, hindi pa rin ito sapat. Inirerekomenda ang kombinasyon ng structural reductions at paghugot mula sa reserves para maprotektahan ang pondo, dahil sa mga susunod na taon naman ay inaasahang tataas na rin ang presyo ng langis at kikita na muli ang industriya. Maraming agam-agam kaya patuloy rin ang pagmo-monitor ng mga staff sa pondong ito.

Makikita ang iba pang impormasyon sa pondo na ito at status ng iba pang pondo sa Executive Summary Chapter.

CITY BALLOT MEASURES

Sa mga nakalipas na taon, masuwerte ang Long Beach dahil inaaprubahan ng mga botante ang mga hakbang para mapaganda ang serbisyo ng lungsod. Para sa transparency, tatalakayin sa seksyon na ito ang ballot measures at kung papaano ginagasto ang pera ng City.

Measure A (2016) – Long Beach Transactions at Use Tax (Buwis ng Transaksyon at Pag-Gamit)

Ang Measure A ay isang ballot initiative na inaprubahan ng 60 porsiyento ng mga botante ng Long Beach noong Hunyo 7, 2016, kung saan dinadagdagan ang transactions at use (sales) tax sa loob ng sampung taon. Mula Enero 1, 2017, dinagdagan na nang 1 porsiyento ang sales tax para sa unang 6 na taon. Para sa nalalabing 4 na taon, ang tax increase na lang ay 0.5 porsiyento. Mapapaso ang Measure A sa loob nang 10 taon. Pero kamakailan, noong Marso 3, 2020, ay inaprubahan ng mga botante ang extension ng Measure A. Inalis ang 10-year validity nito at pinapanatiling epektibo hangga't pagdesisyunang alisin ng mga botante sa isang halalan. Ang desisyong ito ay nagbigay ng kapangyarihan sa lungsod na dagdagan pa ang sales tax lagpas sa 2027. Pero hindi pa maaaring isama ito sa budgeting dahil inaasahang mararamdaman pa ang benepisyo nito sa 2023.

Kahit ang layunin ng Measure A ay pondohan ang mga serbisyo ng lungsod, prayoridad ng City Council ang mga sumusunod na programa:

- Public safety services gaya ng police patrol, pagtugon, imbesigasyon, paghuli at law enforcement, emergency 9-1-1, sunog at mga serbisyo ng supresyon, serbisyo ng paramedic ang serbisyo ng ambulansya
- Public Infrastructure gaya ng pagpapaganda ng mga kalye sidewalks at eskinita, water system para sa conservation, at pagpapahusay ng storm water/storm drain systems at public facilities
- Bilang bahagi ng measure para ma-extend ang tax, suporta para sa community health services kaugnay sa muling pagbukas ng Long Beach Community Hospital ay dinagdag sa resolusyon na nagbibigay priyoridad sa Measure A funds.

Sa FY 21, dagdag na \$4.5 milyon ng inaasahang mas mataas na kita ng Measure A ay ginamit para sa maintenance ng public safety, nagresulta sa total na pondo ng Measure A na ginamit para mapanatili ang police at fire operations sa \$26.4 milyon. Ang pagtaas ay gawa ng \$4.1 milyon na dating inaasahan at ang natitira ay mula sa pagbawas sa HEART team mula sa Fire Department para makatipid sa General Fund. Ang funding para sa maintenance ay katumbas sa 143 sinumpaang posisyon, kasama ang 40 na posisyong ng public safety (37 nanumpa) na naidagdag sa mga dating budget para mapahusay ang mga serbisyo sa komunidad. Karagdagan sa maintenance at

pagpapahusay sa public safety, \$1.0 ay inilaan para sa pagbukas Community Hospital at \$18.5 milyon ay in-allocate para sa infrastructure, kasama na ang \$1.6 milyon para sa new Station 9 na pasilidad, ilang lang ito sa mga proyekto.

Ang Attachments G – J ay dumedetalye sa Measure A revenue and spending plan.

- Attachment G – Measure A FY 21 Mga Sources at Gamit
- Attachment H – Measure A Listahan ng Proyekto ng Infrastructure
- Attachment I – Measure A Five-Year Mga Balita ng Infrastructure
- Attachment J – Measure A Outyear Plan at Allocations

Measure B (2016) – Budget Stabilization Fund

Ang Measure B ay kaakibat na ballot initiative ng Measure A, na kasabay ring inaprubahan ng mga botante ng Long Beach noong Hunyo 7, 2016, para naman itatag ang budget stabilization fund. Ang pondong ito ay nakatatanggap ng awtomatikong deposits/transfers na 1 porsiyento ng bawat bagong general tax revenue kada taon, simula noong FY 17.

Ang Table 2 ay buod ng naitabing pera mula sa Measure B Rainy Day Fund mula nang mabuo ito, pati na rin ang inaasahang makokolekta nito ngayong FY 20 at FY 21. Sa pagtatapos ng FY 19, may tinatayang \$1.7 milyon itong reserve. Pero dahil sa pandemiko, bababa ang makokolekta ngayong taon. Dahil pambihira ang pagkakataong ito, tinatalakay ng mga staff ang dapat gawin para isangguni sa City Council.

Table 2: Measure B Rainy Day Fund Reservations						
	FY 17 Actual	FY 18 Actual	FY 19 Actual	FY 20 Projected	FY 21 Projected	Total by Tax Measure
Measure A	\$ 389,231	\$ 615,439	\$ 663,679	\$ 565,697	\$ 626,881	\$ 2,860,927
Measure MA	1,539	16,452	38,893	68,917	85,851	211,651
Total Reserved	\$ 390,770	\$ 631,890	\$ 702,572	\$ 634,614	\$ 712,732	\$ 3,072,578
Total Reserved without FY 20	\$ 390,770	\$ 631,890	\$ 702,572	\$ -	\$ -	\$ 1,725,232

Sa buong FY 21, ang Measure B reserve ay maaaring \$1.8 milyon hanggang \$3.1 milyon, depende sa maiiwang reserve ngayong FY 20 at sa FY 21. Hindi pa isinasaalang-alang dito ang maaaring ibawas sa reserve sa mga nasabing taon. Maaari kasing gastahin ang Measure B funds para sa serbisyo ng lungsod kapag labis na naapektuhan ang General Fund revenues bunsod ng recession o iba pang krisis sa ekonomiya. Dahil sa mga

problemang kinahaharap ngayon ng lungsod, may posibilidad na ang pondo ng Measure B ay gastahin para maitawid ang taong ito at mapanatili ang mga serbisyo para sa FY 21.

Measure MA (2016) – Business License Tax on Cannabis Businesses

Ang Measure MA ay isang ballot initiative na inaprubahan ng 68 porsiyento ng mga botante ng Long Beach noong Nobyembre 8, 2016. Sa ilalim nito, pinapatawan ng buwis ang lisensiya ng mga cannabis business o mga negosyong may kinalaman sa cannabis. Ang Measure MA ay inaprubahan kasabay ng Measure MM, na nagbigay awtoridad sa mga negosyong nagbebenta ng cannabis panggamutan. Noong Hulyo 10, 2018 naman, pinasa ng City Council ang Adult-Use Cannabis Business Ordinance, na pinahihintulutan ang pagbebenta ng cannabis para sa recreational use o panlibangang pag-gamit ng adults o mga nasa-edad na.

Ang Measure MA ay nagpapataw ng gross receipt tax sa benta ng parehong medical at adult-use cannabis. Nagpapataw din ito ng hiwalay at magkaibang tax rates para sa cultivation o pag-aalaga; processing o pagproseso; testing; at distribusyon ng mga cannabis sa buong lungsod.

Noong una, ang business license tax rates ay:

City of Long Beach - Cannabis Business License Tax Rates			
Initial Measure MA Rates			
Business Type	Medical/Adult	Rate	Per
Dispensary	Medical	6%	Gross Receipts
	Adult-Use	8%	Gross Receipts
Cultivator	Both	\$12	Sq. Ft. of Canopy
Manufacturer	Both	6%	Gross Receipts
Distributor	Both	6%	Gross Receipts
Testing Laboratory	Both	6%	Gross Receipts

Alinsunod sa Section 3.80.261 ng LBMC, may awtoridad ang City Council na dagdagan o tapyasan ang tax rates para sa cannabis sa pamamagitan lang ng ordinansa, basta't batay ito sa inaprubahang rates ng mga botante. Ang desisyon ay hindi na kailangan pang dumaan muli sa botohan, ayon sa Article XIII C ng California Constitution. Noong Disyembre 3, 2019, ginawa ito ng City Council nang bawasan nila ang cannabis business license tax rates para sa mga manufacturers, distributors, at testing laboratories. Makikita sa ibaba ang kasalukuyang umiiral na cannabis business license tax rates, pati na rin ang pinapayagang tax rates sa ilalim ng LBMC.

City of Long Beach Cannabis Business License Tax Rates				
Maximum, Minimum and Current Rates				
Business Type	Medical/Adult- Use	Current	Maximum	Minimum⁽¹⁾
Dispensary	Medical	6%	8%	0%
	Adult-Use	8%	12%	0%
Cultivator	Both	\$12/sq ft	\$15/sq ft	\$0/sq ft
Manufacturer	Both	1%	8%	0%
Distributor	Both	1%	8%	0%
Testing Laboratory	Both	1%	8%	0%

Alinsunod sa Measure MA, Ang mga negosyo ng Cannabis ay kailangan magbayad ng minimum flat tax na \$1000 bawat taon

Inirerekomenda sa Proposed FY 21 budget ng City Manager ang pag-adopt sa mga sumusunod na cannabis business license tax rates:

City of Long Beach - Cannabis Business License Tax Rates			
FY 21 Proposed Measure MA Rates			
Business Type	Medical/Adult	Rate	Per
Dispensary	Medical	7%	Gross Receipts
	Adult-Use	9%	Gross Receipts
Cultivator	Both	\$12	Sq. Ft. of Canopy
Manufacturer	Both	1%	Gross Receipts
Distributor	Both	1%	Gross Receipts
Testing Laboratory	Both	1%	Gross Receipts

Sa bagong sistema, dadagdagan nang 1 porsiyento ang tax rate para sa benta ng mga medical at adult-use cannabis. Dahil dito, ang tax rate para sa retail sales ng medical cannabis ay magiging 7 porsiyento habang ang sa adult-use ay 9 porsiyento. Inirerekomenda naman na ipako ang iba pang cannabis business license tax rates para mapanatili ang pagiging competitive ng Long Beach sa iba pang cannabis market sa California. Kasama na dito ang Los Angeles, na may 1 hanggang 2 porsiyentong tax para sa non-retail cannabis businesses.

Bagama't mas magiging mataas ang antas ng pagbubuwis sa Long Beach, mananatili pa rin itong competitive, kung sisilipin ang chart sa ibaba. Sa pagpapataw ng 7 hanggang 9 porsiyentong tax rate sa gross receipts ng cannabis retail, mas magiging mataas ang dispensary tax rate ng Long Beach kung ikukumpara sa mga katabing jurisdiction, tulad ng sa Santa Ana, (6-8%), Costa Mesa (6%), Bellflower (5%) at Culver City (5-6%). Gayunpaman, sa bagong panukalang tax structure, mananatili pa rin itong mas mababa kung ikukumpara sa tax rates sa ibang LA County tulad ng sa Los Angeles (5-10%), Carson (18%), at Maywood (10%). Ang iba pang lugar sa California na mas may mataas na cannabis retail tax rate structure ay San Jose (10%), Fresno (10%), Oakland (5-10%), at Stockton (5-10%). Makikita sa table sa ilalim ang mas detalyadong paghahambing sa iba't ibang jurisdiction, batay sa rehiyon at populasyon:

COMPARABLE CITIES BY REGION			
City	Pop.	Retail	
		M	A
Long Beach	478,561	6%	8%
Los Angeles	4,054,400	5%	10%
Santa Ana ⁽¹⁾	338,247	6%	8%
Pomona	155,687	up to 6%	
Pasadena	144,388	4%	
Costa Mesa	115,296	6%	
Carson	93,799	18%	
Bellflower	77,682	5%	
La Puente	40,686	10%	N/A
Culver City	39,860	5%	6%
West Hollywood	36,723	0%	7.5%
Maywood	28,044	up to 10%	
Malibu	12,957	0%	2.5%

COMPARABLE CITIES BY POPULATION			
City	Pop.	Retail	
		M	A
Long Beach	478,561	6%	8%
San Diego	1,419,845	0%	5%
San Jose	1,051,316	10%	
San Francisco	883,963	0%	2.5 - 5%
Fresno	538,330	10%	
Sacramento	501,344	4%	
Oakland	428,827	5%	10%
San Bernardino	221,130	6%	
Stockton	315,103	5%	10%
Santa Rosa ⁽¹⁾	178,488	0%	3%
Salinas	161,784	5%	
Santa Clara ⁽¹⁾	129,604	5%	
Berkeley	121,874	2.5%	5%

Sa panukalang bagong tax rate structure, na may 7-9 porsiyentong tax sa retail, tinatayang ang Measure MA ay makagpapasok ng \$8.6 milyon sa General Fund revenues para sa susunod na fiscal year. Mas mataas ito nang \$800,000 sa inaasahang revenue kapag nagpatuloy ang kasalukuyang tax rate na 6-8% sa cannabis retail. Makikita sa ilalim ang inaasahang dagdag na kita ng lungsod kung maipatutupad ang bagong tax rate:

City of Long Beach - General Fund Revenues			
FY21 Cannabis Revenue Projections (as of April 14, 2020)			
Business Type	Tax	FY21 Estimated (Current Tax Rates)	FY21 Estimated (Proposed Tax Rates)
Dispensary	Gross Receipt Tax	\$ 6,016,144	\$ 6,817,384
Cultivator	Sq. Ft. Tax	\$ 1,492,623	\$ 1,492,623
Manufacturer	Gross Receipt Tax	\$ 76,000	\$ 76,000
Distributor	Gross Receipt Tax	\$ 91,448	\$ 91,448
Testing Laboratory	Gross Receipt Tax	\$ 107,594	\$ 107,594
TOTAL CANNABIS TAX REVENUES		\$ 7,783,809	\$ 8,585,050

Kapag hindi inaprubahan ang bagong tax rates ng City Council, mapipilitang magtapyas ng budget para sa overall operating costs o kaya'y kailangan maghanap ng ibang pagkukuhanan ng pera.

Measure MA Prioritization Plan

Layon ng panukalang dagdag-buwis na ito na madagdagan ang kaban ng lungsod para matustusan ang sari-saring programa, gaya ng sa Cannabis oversight at enforcement programs, pagpapaganda ng Racial Equity and Reconciliation Initiative, at Health and Public Safety City cost.

Tumatalima ang planong ito sa resolusyon ng City Council para sa Measure MA funds. Kahit pa ang Measure MA ay buwis para mapondohan ang city services, nauna na ring sinabi ng City Council na nais nilang bigyang prayoridad ang pag-gamit sa parehong

pondo para sa mga sumusunod na layunin:

- Regulasyon ng buong cannabis industry, kasama na dito ang pagbabantay sa industriya, licensing, pagpapalano, pag-inspeksyon, enforcement, at legal services
- Pagsiguro sa kalusugan at kaligtasan, kasama na dito ang public health at safety services, tulad ng emergency response, police at fire services, pagpapatuloy ng public safety services, pagtugon sa homelessness, drug prevention at treatment, environmental at food safety services, at iba pang serbisyong pangkalusugan at kaligtasan

Tingnan ang **Attachment K “Measure MA Summary of Uses”** para sa breakdown ng inaasahang paggagamitan ng Measure MA funds.

Measure M (2018) – Utility revenue transfer

Ang Measure M, na inaprubahan ng mga botante noong Hunyo 5, 2018, ay nag-amyenda sa City Charter para payagan ang lungsod na panatilihin ang historical utility revenue transfers sa General Fund at gamitin ito para suportahan ang mga serbisyo ng lungsod tulad ng sa kapulisan, fire, library, at parke. Ang transfer ay hindi maaaring lumagpas sa 12 porsiyento ng utility revenues. Ang Measure M ay binalangkas din para tumugon sa mga paglilitis na kumukwestiyon sa historical practice. Para sa FY 21, ang utility transfers ay naka-budget na: \$11.7 milyon para sa water at sewer funds, at \$12.1 milyon para sa gas utility fund. Sa kasalukuyan, ang water at sewer transfers mula 2018 sa ilalim ng Measure M, hindi kasama ang mula sa General Fund para sa ibang utilities, ay paksa ng paglilitis. Inaapela ng lungsod sa korte ang desisyon noong Enero na nagsasabing hindi nila pinapayagan ang mga nasabing transfers. Habang wala pang resolusyon, pumayag ang lungsod na mag-escrow ng \$3 milyon ng FY 20 water at sewer transfer, \$6 milyon ng FY 21 transfer at lahat ng mga inaasahang transfer (lagpas FY 21), puwera sa halagang may kinalaman sa General Fund services, hanggan’t wala pang pinal na hatol ang korte.

Nitong mga nakalipas na taon, nakatanggap ang lungsod mula sa Water Department ng Water Fund Group transfer amount na katulad ng sa historical transfer amounts. Ang halaga ay karaniwang tumataas kada taon dahil sa inflation. Para sa FY 21, inirekomenda ng Water Board ang historically-based transfer nang \$2 milyon, na inaasahang makaaapekto sa budget kasabay pa ng mga gastusin para sa Measure M settlement. Nakaapekto na rin ito sa General Fund.

Measure B (2020) – TOT

Noong Marso 3, 2020, inaprubahan ng mga botante ang Measure B, na dinagdagan nang 1 porsiyento (mula 6% ay naging 7%) ang alokasyon para sa General Fund mula sa Transient Occupancy Tax (TOT), na ipinapataw sa mga hotel/motel guests. Dahil sa hakbang na ito ay nagkaroon ng \$2.8 milyong dagdag na pondo ang lungsod.

Sa kasalukuyan, ang TOT ay may rate na 12% ng renta, kung saan ang 6% dito ay inilalaan sa General Fund na tumutustos sa general City services, habang ang natitirang 6% ay inilalagay sa Special Advertising and Promotion Fund. Ang Special Advertising and Promotion Fund ay ginagamit para sa advertising, promotional at public relations projects, at special events na nagbibigay ng positibong atensyon para sa lungsod. Hindi kasama sa 12% TOT ang dagdag na 3% na assessment na ipinapataw naman sa mga hotel sa loob ng Long Beach Tourism Business Improvement area na may mahigit 30 kuwarto. Ang kita mula sa assessment ay dumederetso sa Long Beach Convention and Visitors Bureau na ginagastos para sa promotion at marketing ng lungsod bilang isang tourism destination. Nakokolekta ng mga hotel operator o kanilang ahente ang mga buwis kapag nagbabayad na ang mga guest, at ang buwis na ito ay buwan-buwang ibinibigay naman sa lungsod. Mula pa 1962 ay nangongolekta na ng TOT.

Sa isang resolusyon noong Pebrero 18, 2020, sinabi ng City Council na nais nilang ilaan ang mga pondong ito para sa mga arts organizations at para sa Long Beach Convention and Entertainment Center. Nang aprubahan ito, sinabi ng Mayor at City Council na kailangang supotahan ang umuusbong na arts community lalo't walang pondong nakalaan para sa kanila. Kinakailangan na rin ng upgrade ng Long Beach Convention and Entertainment Center para makasabay sa kasalukuyang pangangailangan ng mga artist. Tinatayang aabot sa \$50 milyon ang pondong kailangan para dito. Dahil dito, mahalaga ang malakihang pondo para sa kapakanan ng student arts education programs, community arts, music, cultural programs at organizations, local museums at theaters, at ng the Long Beach Convention and Entertainment Center.

Para sa FY 21, inaasahang mababa ang koleksyon ng TOT dahil sa pandemic. Ang 1 porsiyentong TOT tax mula sa Measure B ay inaasahang nasa \$1.7 milyon. Ang revenue naman ngayong FY 20 mula Hulyo hanggang Setyembre ay inaasahang nasa \$370,000 lamang o posibleng mas mababa pa. Sa gitna ng pandemic, walang kasiguraduhan kung paano makatutugon ang ekonomiya, kaya't inaasahang pabagobago rin ang mga estimate na ito sa pagdaan ng panahon.

Sakaling tumugma ang projections at manatili ang mga kontribusyon ng Measure B, ilalaan ang mga pondo para sa FY 21 sa: 1) \$17,000 bilang Measure B reserves, 2) \$841,500 para sa Convention Center, at 3) \$841,500 para sa Arts Council na ilalaan para sa major art organizations. Ang budget na ito ay alinsunod sa intensyon ng City Council para sa pondo. Maaari pa ring mabago ang mga halaga depende sa desisyon ng City Council.